



Toan I



Maynila, Nobiembre 15, 1936



Bilang IV



SA BILANG NA ITO:

*Ang madugong panagaan ng magaanak sa Mayapo,
Nueva Eciha. (Pahina 4)*

*Lalakeng pinatay sa saksak sa Sinalog, Kabite.
(Pahina 6)*

*Bangkay na muling bangkay sa Angat,
Bulakan, sa palamayan na ito'y nilason.
(Pahina 7)*

*Babaeng matapos dungisan ang
puri ay pinaslang. (Pah. 9)*

*Maririkit na kuento, tula
at iba't ibang magagandang kasaysayan.*

7
SENTIMOS




ANGHEL NG KALIGTASAN

Magagandang Dalaga! Palikerong Binata...




Nalalapit na naman ngayon ang kaarawan ng dakilang pista sa inyong pook—at pagkatapos nito ay babatiin kayo ng maligayang pasko!... Kailangan ninyo ang mga kasuotan sa paa na mai-pagkakapuri ang *hugis, gara at ganda!*




Ang tanging pinipili ngayon ng mga kadalagahan at kabinataan ay ang mga pares ng sapatos at tsinelas na may tatak na:

S U M A P I T - N A



Bumili at



*Subukan Ngayon Upang
Masiyahan*

Pinananagutan namin ang pang-matagalang panahon ito'y gagamitin! Samantalain ninyo ang ipinagkakaloob naming mababang halaga sa bawa't pares ng sapatos at tsinelas!

Magsadya kayo ngayon sa aming tanghalan sa:

116 Bustillos, Sampaloc
Tel. 2-86-74, Maynila.

Ipatatala Sa Koreo Sa May-
nila Sa "Correspondencia de
2.a Clase"

SANDATA

Pahayagang Tagalog Ng
"INSULAR COURIER"

F. M. GONZALES & CO.
Mayari at Tagapamahala
ROBERTO C. DE GUZMAN
(Patnugot)
FERMIN M. GONZALES
(Tagapaglathala)

HALAGA NG SUSKRISYON:

6 Buwan	P .80
1 Taon	P1.60
2 Taon	P4.00

Taon I

Maynila, Nobiembre 15, 1936

Bilang IV

Anghel ng Kaligtasan

Tula ni CARLOS U. ROCA



*Hindi lahat ng mabigat na tungkuli'y maggagawa,
Nang sino mang kaluluwang sa hirap ay nahahanda;
Ang magulang din man nating nalalaan sa dalita,
Di lubusang magaganap ang gawaing itinakda;
Datapawa't sa daigdig ay mayroong nanunumpang
Matutupad niyang ganap kahit siya'y mapa-aba!*



*Iyan ay ang KRUS NA PULA, ang anghel ng kaligtasan.
Pikit-matang sumusuong sa bangis ng kamatayan;
Yukong-ulong tumutupad sa taglay na katungkulan
Kahit siya mapabingit sa binganga ng libingan;
Makilala lamang lubos ng balighong daigdigan,
Na sa kanyang puso't dibdib ay may "Kaban" ng pagdamay!*



*Ang putukan at digmaan sa kanya ay tuwa't aliw
Lalo't doo'y may nasawing nararapat na kupkupin;
Ang paglibak at pagkutyay'y buong pusong tatanggapin
Kung sa likod naman niyo'y may nilikhang aaliwin;
Lugod niya ang magtiis ng maraming dusa't lagim
Kapag mayrong mga sanggol na ulila sa pagtingin!*



*Anopa't ang KRUS NA PULA, laging bukas yaong palad
mapa-gabi't mapa-araw'y nahahanda sa paglingap;
Mamalas ka lamang niyang nahango sa mga hirap
Naghihirap man ang puso'y maligayang mamamalas;
Kung sa kanyang pag-andukha ay hindi ka magka-lunas
Sa Bathala'y makikitang lumuluhang tumatawag!*

Sa Kap. "PANITIK-TAGALOG"
Kalookan, Rizal.

NANGHALIPAW NG TAGA

TUNGHAYAN NINYO ANG KALUNOS-LUNOS NA PATAYANG NANGYARI SA KUYAPO, NUEBA ECIJA, NA IKINASAWI NG BUHAY NG MAGAMA AT IKINASUGAT NG INANG NAGDADALANG-TAO.

Sinulat ni LADISLAO 'BELLA SUBANG

Kung paanong ang malimit na hindi pagkakaunawaan ng mga magkaka-maganak ay humahantong sa madugong pagpapanagupa; tulad na rin ng kalawang na parating sumisira sa laging kapiling na bakal; kung saan humahantong at kung ano ang nagiging bunga ng malabis na paguukol ng tiwala at pagtingin, ng pagmamahal na dapat namang ipaubaya sa isang masasabi na rin namang dugo niya sapagka't hindi na sila magiiba sa mata ng Dios, ay si-

ging larangan ng madugong pagpapanagupa noong ika 25 ng Oktubre, 1936, na naging sanhi ng pagkasawi ng dalawang buhay at dalawa pang patawirin, na paraparang nabibilang lamang sa isang angkan.

Hindi nga sukat asahan ng mga matatanda sa nayon na sa boong buhay nilang ipinamalagi sa pook na iyon ay makasaksi ng nakapangingilabot at nakahahambal na dula. Sa tanang buhay nila, nagsimula sa pagiging sang-

Ang nayong pinagmisahan ay biglang ginambala nga lamang ng balitang, sa tahanan ng mga Javier ay nagkaroon ng patayan, doon pa naman sa angkan nang mga kilala sa kabaitang mga tao. Kung paano ang naging simula ng patayan ay siyang nakapagdulong ng malabis na pagkamangha sa mga nakabatid sapagka't ang isang taong kapagkaraka na lamang na binigyan diumano ng sunud-sunod na taga, ay kasalukuyan noong nakikipagkahig ng manok sa mga kaibigan at kakilala sa pook na iyon.

—Pinatay si Candido... ang balita ng isang humahangos sa bahay pamahalaan sa Kuyapo, Nueva Ecija.

—Sinong Candido?—ang tanong naman ng isang pulis.

—Si Candido Javier na asawa ni Gng. Vicente Perez ni Javier,—tugon ng nagbabalita.

—Sino ang pumatay?—usisa pa rin ng alagad ng batas.

—Ewan ko po, subali't ayon sa higing ay ang kanya ding bilas na si Ernesto de los Reyes. Inihabilin po lamang na ipagbigay alam sa inyong tanggapan upang magawa ang kaukulang hakbang.

—Ngun't saang pook nagpatayan?—ulit pa ring tanong ng pulis.

—Sa nayon po ng Pinagmisahan.—patapos ng inutusan.

Tapat sa kanyang tungkulin, ang pulis na napagbalitaan ay hindi nagak-saya ng panahon. Noon din ay ipagbigay alam naman ang bagay na ito sa mga pinunong kinauukulan. Ang pangulong bayang Telesforo Domingo ng Kuyapo, kasama ng iba pang mga pinunong bayan ay nagsidalo sa pook ng krimen. Nasaksihan nilang si Candido Javier ay hindi pa namamatay gaya ng unang balita, kung hindi nasa mase-lang na kalagayan pa lamang dahilan sa dami ng dugong dumanak. Isang malalim na sugat sa kaliwang kamay na umabot sa maraming bahagi ng katawan ang nagpalubha sa kanya. Sa piling niya na hindi kalayuan sa kanyang kinahandusayan ay naroon naman ang kanyang anak na si Mariano na dumaraing din at nananangis at nang siyasatin ay nakita namang putol ang kaliwang kamay at ang kaputol nito ay napatapon sa may ilang hakbang mula sa kanyang katawan. Humahalinhing siya na katulad din ng kanyang ina na nakahandusay din noon na may tama ng gulok. Ang kanyang ina, si Gng.



Nasa larawan ang duwang bangkay ni Candido Javier, matapos ang nakapangingilabot na panagaan ng magaanak sa Kuyapo.

yang dulang nasaksihan sa bayan ng Kuyapo, Nueva Ecija, sa isang nayong dati ay matahimik at pook na kinalangalanganan ng kapuwa niya sapagka't nagaangkin siya ng mga mamamayang maipagmamalaki sa harap ng ibang bayan.

Ang nayong ito na lalong bantog sa bayang iyon na kilala sa tawag ng Pinagmisahan, hindi sapagka't sa kagandahan ng pangalan ay masasabing may nakatagong alamat na nagiingat ng lihim na kanyang katangian, kundi sadayang ipinagkakapuri ng mga nagsisiparirahan doon ang nayong Pinagmisahan dahil sa mayroon sila ng lahat ng biyaya ng Dios. Ang nayong ito ay na-

gol at nagkaroon na sila ng uban sa ulo ay hindi pa sila nakakikita ni nakabalita ng isang dulang tulad nga ng nasaksihan nila noong ika 25 ng nagdaang buwan, lalo't aalagataing ang pinagmulan ng patayang ito ay buhat lamang sa munting bagay, na sa may malayang pagdidilidili at pagkukuro ay mangyayaring ipagpaumanhin ang naging simula at wakas ng usaping ito kung ibabatay sa mga nangyari na at nasaksihan, na ang mga ito naman ay walang kabutihang naidudulot sa mga nagpakatulin sa pagpapasiya ng mga suliranin na magbubuhay lamang sa munting bagay, manapa'y titis itong naghahatid sa kanila sa pagkapalungi.

Vicenta Perez ay kasalukuyang nagdadalang tao at ilang buwan na lamang at iluluwal na sa maliwanag ang isang sanggol.

Ang babaing ito ay tadtad din ng sugat. Lahat sila, sa pamamagitan ng pangulo ng bayang Telesforo Domingo ay dagliang ipinadala sa pagamutang panglalawigan sa Kabanatuan upang agawin sa tiyak na kamatayan, subali't ni Candido, hindi man nalaunan sa ospital ay namatay dahil sa pagbulwak ng saganang dugo. Kinabukasan din noon, ang kanyang anak namang si Mariano na naputol ang isang kamay ay sumunod din sa kanyang ama, kaya't sa dalawang namatay na iyan ay nasaksihan ng tatlong libing sa Kupayo, ang dalawa ay sa bangkay ng dalawang namatay sa ospital at ang isa naman ay ang libing sa kaputol na kamay ni Mariano. Si Gng. Vicenta Perez naman, ay kasalukuyang nakikipagbaka sa kamatayan ngayon sa pagamutang pangkalahatan at kung masasawi siya ay dalawa na sila sapagka't ang kapalaran ng kanyang anak na daladala sa sinapupunan ay kasama na rin niyang masasawi.

Ang libing sa dalawang magama ay pinangasiwaan ng pangulong bayang Telesforo Domingo, sapagka't nabababtid niyang walang sukat mapagkukunan ang mga Javier dahil sa karalitaan.

Kung ano ang pinagbuhatan ng patayang ito ay siyang unang pinagkukulan ng pansin ng pangulong Domingo sa tulong ng kanyang mga pulis, gayon din ang hiwalay na pagsisiyasat ng mga kawal ng hukbong pilipino na madaling napatungo rin sa pook ng Krimen pagkatapos na magawa ang unang pagsisiyasat sa mga nasugatan sa loob ng ospital sa Kabanatuan.

Ang puno ng polisya sa Kuyapo ay pinagharap agad ng sakdal si Ernesto de los Reyes sa kasalanan nabigong pagpatay at kusang inihandang pagpatay dahil sa pagkasawi ni Candido, bukod pa ang sa pagkakapatay sa anak na si Mariano. Dahilan sa kabigatan ng kanyang pagkakasala, ang hukom pamayapa sa Kuyapo ay nagtakda ng halagang ₱80,000.00 sa kanyang ikalalayang pangsamantala.

Napagalaman sa pagsisiyasat na si Ernesto de los Reyes ay asawang kauli ni Revehes Perez, kapatid ni Vicenta na asawa naman ng napatay na si Candido, kaya't ang kanilang kalagayan ay magbilas, na kung tutuusin ay may kagnayan na ang kanilang dugo sa harap ng Dios.

Sa unang asawa ni Revehes ay marami diumanong naiwan ito sa kanyang asawa at mga anak. Subali't sa kung anong sanhi, ang mga kayamanang naiwan ng kanyang asawa, na talagang ukol lamang sa kanya at sa mga anak

na lalaki at babai ay nilustay na ni Ernesto. Mula sa mahahalagang kasangkapan hanggang sa mga alahas na sadyang ipinamana sa mga bata ay naipagbili na rin.

Ang lisyang ginawing ito ni Ernesto, na itinuturing ng magaanak na Javier na pagsasamantala kay Revehes ay malabis na ikinamuhing mga ito.

Sila ay hindi nagaksaya ng panahon. Pinagpaalalahanan nila si Revehes. Gayon din si Ernesto. Si Revehes ay binigyan nila ng payo. Ipinaliwanag na nabubulagan na ang kanyang pangalawang asawa. Iminulat ang aping kalagayang sasapitin ng kanyang mga anak na ulila. Gayon man, alinsunod sa napagalaman ay nagpagunita rin naman si Revehes sa kanyang asawang si Ernesto, nguni't ang gayon ay hindi umano nakapagdulot ng mabuti sa lalaki, bagkus nagalit pa sa magasawang Javier sa ginagawang panghihimasok nito sa kanya at sa kanyang asawa.

Nguni't sa magasawa naman ay sadyang mahal sa kanila ang kinabukasan ni Revehes at ng mga anak nito. Hindi nila nais na makitang magkahirap-hirap ito, gaya ng kanilang naipangako sa asawang namatay ni Revehes na lili-gapin nila ang kanyang mga ulila.



Ang pagaaring naiwan ng nasirang unang asawa ni Revehes ay halos wala na at nalusaw na lahat ni Ernesto. Kung saan ito dinadala ay siyang hindi pa nahihiwatigan hanggang ngayon, bagaman at may nagbabalita na naipatalo sa bisio. Ang kahulihuhang pag-aari at kayamanan nina Revehes ay isang makinang panahi na nalalagak sa tahanan ng ama ni Revehes na biyana naman ni Candido. Ang huling alaalang ito ng nasirang asawa ni Revehes ay kinuha isang araw ni Ernesto at tinangkang ipagbili na naman, subali't ang bagay na ito ay hindi mabuti ng magasawang Javier, hanggang sa ipasiya ng lalaki na idulog niya ang suliraning ito sa pangulo ng nayon, kay G. Tomas Garcia na siyang may tanging kapangyarihan sa nayon ng Pinagmisan.

Alinsunod sa tininte del bariong ito, si Candido ay humingi sa kanya ng payo sa kung paanong paraan ang mabuting gawin upang masugpo nila ang kalabisang ginagawa ni Ernesto sa balong asawa. Tapat sa kanyang tungkulin, ang pangulong nayong Tomas Garcia ay nagbigay na kaukulang paliwanag hanggang sa masiyahan ang nagdulog ng suliranin sa kanyang pag-uwi.

Ang bagay namang palang ginawa ni Candido ay hindi nalingid sa pangdinig

ni Ernesto, bagay na malabis niyang ipinagdamdam. Ikinamuhing niya ng malabis ang ginagawang pakikialam ni Candido sa kanyang buhay. Poot na poot siya sa mga pagmamalasakit na ginagawa ng magasawang Javier sa pagaari ng kanyang asawa na sinasabing ang mga iyon ay kanya narin naman.

Nagisip siya ng malalim. Pinagaran niya ang tanging lunas na makapipigil sa pamamagitan ng ginagawa ng magasawang Candido Javier. Magdamag na kanyang sinuri ang mga bagay na gagawin upang maputol ang pakikialam ng kanyang bilas at hipag, hanggang sa noong umaga ng ika 25 ng nagdaang buwan ay nabalitaan lamang na si Candido ay pinagtataga.

Alinsunod sa pangunang pagsisiyasat na isinagawa, si Candido ay mapayapang nakikipagkahig ng manok noon sa malapit sa kanilang tahanan sa nayon nga ng Pinagmisan. Diumano, kapagdaka na lamang dumating si Ernesto de los Reyes na dala ang isang maki-sap na gulok at walang abug-abog na pinagtataga si Candido.

Dahilan sa nasaksihang ito ng mga taong nagkaumpok sa pook na, iyon na kailan lamang ay nagtatamasa sila ng katuwaan dahil sa ipinamamalan ng kanilang mga manok na hindi pangkaraniwaan, bilang paghahanda sa nalapit nilang pagdalo sa sabungan, ay parang nasindak at nagpanakbuhang. Walang sino mang makapamagitan sa jakot na pati sila ay madamay. Kita nilang nagliliskang ang mata sa galit ni Ernesto, kaya't nagsawalang kibo na lamang sila, samantalang ang mga durungawan naman sapat ng pinangyarihan ng krimen ay ipinid na lahat.

Ang iba naman ay nagsipagtarangka ng mga pintuan sa pangambang si Ernesto ay naghuramentado na.

Nang si Candido ay malapit ng mawalan ng malay-tao at nang halos hindi na makaya ang katawan sa pagkagalugmok dahil sa sunod-sunod na taga na ibinigay sa kanya ng kanyang bilas, ang anak nitong si Mariano Javier, isang binatang nasa katanghalian ang gulang ay dumating na may taglay ring gulok upang ipaghiganti ang ginawang pagpatay sa kanyang ama subali't dahil sa malaking karanasan ni Ernesto sa larangan ng pagpapanagupa, ay nakuhang madaig siya, hanggang sa siya ay mawalan ng kaliwang kamay sa tama ng gulok ng kanyang kalaban. Bukod sa sugat na iyon ay nagtamo rin siya ng marami pa sa iba't ibang bahagi ng katawan ng hindi man lamang nakapaghiganti.

Ang alingawngaw ng nakasisidak napatayang ito ay kumalat na sa boong bayan hanggang sa makarating na rin sa pangdinig ni Gng. Vicenta Peres na

(Nasa Pah. 10 ang Kar.)

Sa INGIT nga KAYA?

NARITO ANG KASAYSAYANG TUNAY NA NASAKSIHAN SA SILANG, KABITE.
ISANG LALAKE, MATAPOS NA MAPAGSAK NG BALISONG.

Sinulat ni SOCORRO DE LA PAZ

—oOo—

Ang inggit ay isang damdaming hindi nawawala sa mga mapagimbot na tao, lalo't ang mga ito ay napapaibabawan sa kanilang mga bagay na pinapangarap. Isang sangkap itong hindi nawawala sa mga mapaghangad na kung hindi mapaglalaman ang simbayo ng damdamin ay siyang maghakatid sa pagkapalungi hanggang sa ang taong ito ay masawi o makasawi kaya.

Ang mga bagay na malimit masaksihan na nagiging bunga ng tinuran sa itaas nito ay siyang dulang natanghal sa Silang, Kabite noong ika 6 ng kasalukuyang buwan, sa isang nayong kung tawagin nila ay Ulat. Ang boong nayon ng Ulat ay hugos na nagsidalò sa pook na kinakitaan sa isang bangkay na lalaki na sa malas ay sadyang pinaslang. Sa iba't ibang bahagi ng katawan ay nakakita ang mga tao ng mga sugat na pawang likas ng saksak.

Ang mga pinunong kinauukulan ay hindi nagpabaya sa tungkulin. Ang unang hakbang na isinagawa ay inalam kung sino ang nasawing ito. Bunga ng kanilang pagsisiyasat ay napagalamang siya ay isang binatang tumutugin sa pangalang Mateo Cuadra na may 17 taong gulang lamang. Isa siyang kaniniwang mamamayang nanirahan naman sa Mendez-Nuñes.

Sa paghahanap ng kaliwanagan tungkol sa krimeng ito, ang tanggapan ng polisya sa Silang, pagkatapos na mapagpapatlasan ang himpilan ng konstabularia sa Imus ay kumilos noon din. Ang bangkay ni Mateo ay dinala sa bahay-pamahalaan upang magawa ang kaukulang pagsusuri ng manggagamot ng pamahalaan, pagkatapos ay saka ipinahintulot na mailibing ng kanyang mga magulang. Gayon man, ang mga mamamayan ay parang agos ang dating sa bahay pamahalaan upang makita lamang ang pinaslang na binata.

Sapagka't siya ay binata, ang mga may kapangyarihan ay inalam kung sino ang dalagang sinusuyo nito. Kung sino ang kanyang mga kasamahan ng gabing bagò siya pinaslang ay kinilala din sapagka't umaasa silang nandidito ang susi na magbubukas sa kanila sa pinto ng kalutasan. Ang kanilang paghisikap ay hindi nabigo sapagka't ang walong kasamahan niya ay natagpuan naman agad, ngunit ang isa rito ay hindi napakikita kahit kangino na dapat na siya ay magmalasakit sapag-

ka't kaibigan niya ang napatay. Siya ay si Manuel Sumagi. Ang lahat ay nabunton kay Sumagi ang hinala, hanggang sa may makapaghimatong pa'na may nakakita sa kanya na nakipagkita sa isang kilalang manananggol sa bayang iyon.

Ang kaliwanagan ay lalong nalapit nang ang isang nagngangalang Elpidio de Ocampo ay magpahayag na nakita niyang si Manuel Sumagi nang gabing maganap ang krimen na may hawak na balisong. Ang sandatang ito ay walang taros di umanong ipinanasaksak sa isang lalaking hindi niya kilala. Si Ocampo ay nakasakay sa kabayo noon na kaangkas sa Esteban Oliveros.

—Kami ay hindi makalapit upang kilanlin kung sino ang kanyang sinaksak, —ang pahayag ni De Ocampo.—Kami ay inalihan ng malabis na pagkatakot sapagka't baka ang galit ay mapatungo sa amin at maging sanhi ng panaksak na gaya ng kanyang ginawa sa taong aming nakita.

Isang nagngangalang Eugenio Castillo ay nagpahayag sa mga may kapangyarihan sa pamamagitan ng sinumpaang apidabit noong umaga ng ika 5 ng kasalukuyan at isinalaysay ang mga sumusunod:

“Sina Mateo Cuadra at Manuel Sumagi ay may dalawang linggo ng nagkaroon ng temahan. Sa pagkakataong iyon ay muntik na ring lumala ang kanilang kagalitan sapagka't si Cuadra ay hinataw na ng banga ni Sumagi. Ang kanilang lihim na samaan ng loob ay humantong nga sa totohanang awayan nang magkapanagpo na naman ang dalawa sa nayon ng Ulat. Sa pamamagitan ng isang lanseta ay pinagsasaksak niya ng walang taros si Mateo. Pinagtangkaan kong awatin sila, subalit sa kasamaang palad ay nasugatan din ako ng malalim sa kaliwang kamay.”

Sa kabilang panig naman, isang dalagang nagngangalang Pilar Oliveros ay magpahayag na nang gabing maganap ang krimen ay may mga tatlong dipa lamang ang layo niya sa nagpanagupang sina Mateo at Manuel. Gayon man ay ipinahayag niyang hindi niya nababatid kung ano ang naging sanhi ng kanilang kagalitan. Sukat ang ng kita na lamang niya na ang dalawa ay nagkakayakap at anyong nagkakapatong sa lupa. Ang mga pahayag na



Kagyat na ikinamatay ni Mateo Cuadra, ang maring saksak ni Manuel Sumagi.

iyang ay boong ningning na isinayay sa harap ng hukom pamayapang Madrazo ng bayan ng Silang.

Sa samantala, si Dolores Oliveros, ang babaing kapatid ni Pilar ay nagpahayag din ng katulad ng sinabi ng kanyang kapatid. Ang pahayag na kanyang biniwan ay walang malaking ipinagiba sa salaysay na sinumpaang sa harap ng hukom. Ipinagtapat niyang siya man ay may ilang hakbang lamang ang layo sa dalawang nag-away, kaya't nang makita niyang sa katáwan ni Mateo ay bumulwak ang saganang dugo ay napatili siya ng malakas dahilan sa takot. Ang hindi pangkarniwang sigaw niyang ito ay pinatutunayan naman ng isang nagngangalang Emiliano Asuncion sapagka't nang gabing magkagalit sina Manuel at Mateo ay nakarinig nga siya ng tiling malakas na buhat sa tinig ng isang babai.

Dahilan sa mga pangyayaring ito, ang mga may kapangyarihan ay nagpatibay sa kanilang paniniwala na ang may kagagawan nga ng pagkapatong kay Mateo ay walang iba kung hindi si

(Nasa Pah. 10 ang Kar.)

Nasawi o Nalason!

ANG GINAWANG PAGHUKAY NG ISANG BANGKAY SA ANGAT, BULAKAN, AY MALAMANG PAGBUHATAN NG MAALINGASNGAS NA USAPIN SA HUKUMAN.

Simulat Ni

ROBERTO C. DE GUZMAN

—oOo—

—Namatay kaya sa mabigat na karamdaman?

—Nilason kaya?

—Bakit ipinahukay at inatopsia ang bangkay nang walang pahintulot ang may kapangyarihan?

—Umabot kaya ito sa hukuman?

Mga katanungan iyan na siyang nagdudulot ng pagpapalitan ng pagkukurokuro ng mga mamamayan sa Angat, Bulakan. Kasalukuyang sariwa pa hanggang ngayon sa gunita ng mga taong bayan sa nabanggit na pook, ang nasaksihan nilang muling paghukay sa isang bangkay, matapos na ito ay malibing nang may pitong araw, sanhi sa palagay na ang namatay ay nilason. Hinggil sa nagiging maalingasngas na balitang ito ay natipon naming lahat ang buong ulat ng mga pangyayari, gaya ng sumusunod:

Si Licerio Trinidad, 55 taon gulang, may asawa at mga anak, naninirahan sa nayong Marungko, Angat, Bulakan, ay namatay noong nakalipas na Oktubre 29, 1936. Si Dr. Francisco S. Infantado, na siyang manggagamot na tumingin sa nasawing matanda, ay nagpahayag na ang ikinamatay nito ay ang mabagsik na karamdamang atake sa utak. Kinaumagahan nang sumunod na araw ay inihatid sa libingang bayan sa Angat ang bangkay ng matandang Licerio Trinidad.

Sapagka't kabilang na rin ang mga Trinidad sa kilalang angkan sa nayong Marungko, kaya't ang ginanap na paglilibing ay naging maringal at sinamahan ng maraming kamaganakan at kakilala. Naging laganap sa pananalig ng lahat na ang naging pahayag ng manggagamot ay totoo, na ang ikinasawi ng nasirang Licerio ay atake sa utak.

Pitong araw pagkatapos malibing ang namatay, ay may nakapagpahiwa-tig sa himpilan ng komandansia sa Malolos, Bulakan, na ang matanda ay namatay nang hindi sa napabalitang sakit, kundi ito'y nilason!

Sa balitang iyan na nilason... ay kumilos agad ang may kapangyarihan. Ang Kapitang Zacarias Imperial ng hukbong pilipino, ay inatasan kapagdaka ang Tiniente Bartolome at kawal ng konstable upang matamang magsisayat.

Magiika 10:30 ng umaga, noong Nob. 5, 1936, ay dumating ang dalawang alagad ng batas sa Angat, Bulakan. Ang tahanan ni Dr. Francisco S. Infantado sa may liwasang bayan, ang sinadya ng mga ito, dahil sa siya ang tuminging manggagamot sa namatay na si Licerio, nang ito'y nahihiga at may mabigat na karamdaman.

—Dr. Infantado, kailangan po nating hukayin at autopsiahin ang bangkay ni Licerio Trinidad, sapagka't may hinala kaming siya'y nilason at di namatay sa sakit!—ang sambit ng Tiniente Bartolome.

—Sino po naman kaya ang kasama nating makasaksi—ang tanong ng doktor.

—Walang iba kundi ang anak ng nasawi na si Emilio Trinidad, isang guro sa Balavan Primary School.

Hindi naglipat sandali at noon din ay hinukay ang bangkay na may pitong araw na nanatili sa ilalim ng lupa. Isang manggagawa sa libingan na nangangalang Benito Asebran, ang siyang naatasang humukay, sa harap ng daangmamayang nanonood.

Nang matambad sa paningin ng lahat ang bangkay, ay gayon na lamang ang nagharing sindak at alingasngas ng bulong-bulungan ng taong bayan, dahil sa ang katawan ng bangkay ay halos magkawatak-watak, na nababalot ng katokot-takot na mga uuda at may masamang amoy na pumailanglang sa hangin at nalanghap ng marami.

Noon din ay ginawa ang pagaatopsia ni Dr. Infantado! Matapos matistis ang tiyan, kinuha niyang lahat ang sangkap sa katawan upang buong pagliliming siyasatin. Sa kaniyang pahayag sa Tiniente Bartolome ay natalos na ang puso ay may di pangkaraniwang laki at nababalatayan di umano ng batik na itim, bagay na nagpapakilala na ang namatay ay mahiliging tumungga ng alak; ang бага ay nasasaputan din ng batik-batik na itim. May sakit sa bato ito at ang labis na dugong nanalaytay sa katawan ang siyang nagsilbing lason! Iyan ang naging pangwakas na kapasyahan ni Dr. Infantado sa harap ng dalawang alagad ng batas.

Ang balitang nalathala sa mga pang-araw-araw na pahayagan, na nagsasasad na pinatutunayan ni Dr. Infantado na ang ikinamatay ni Licerio Trinidad ay ang pagkakalason, ay kaniyang pinasisinungalingan, at hanggang ngayon ay wala siyang maipahayag maliban sa ang naging sanhi sa pagkamatay ng matandang Licerio ay atake sa utak (cerebral hemorrhage). Ang alak diumano ang kumitil sa kaniyang buhay!

Subali't sa palagay ng marami sa Marungko, ay ang alak na ininom ng matanda ay nilagyan ng lason, kaya ito ay kagyat na inagaw ng kamatayan. Hanggang ngayon ay nagsisiyasat ang mga alagad ng batas sa Angat, upang matiyak nga ang naging sanhi sa pagkamatay ng matanda.

Na, ang ginawang ito, sa bangkay ni Licerio Trinidad, ay labag sa "Kodigo Administratibo (Seksion 1082) dahil sa ang paghukay at pagatopsia sa patay ay di pinahihintulutan ng may kapangyarihan, ay siyang ipinagbigay alam ng kura paroko at ilang alagad ng pamahalaan ng Angat sa mataas na pinuno sa Maynila.

Noong ika 10 ng buwang kasalukuyan ay nagpahatid kawad ang pangalawang tagapamahalang Eugenio Hernandez ng kagawaran ng kalinisan sa Tagapamahalang Dr. Domingo Tablan ng pangpurok na kagawaran naman ng kalinisan sa lalawigan Bulakan, na sa lalong madaling panahon ay gumawa ng masusing pagsisiyasat.

Sa harap ng mga tagapagusig, kabilang na rito si Dr. Tablan, ang dalawang sanidad na sina Toribio Nicolas at Nicanor Karasig, isang alagad ng batas at ang patnugot ng "SANDATA", ang dalawang sina Dr. Francisco S. Infantado at Benito Asebran, and humukay sa bangkay, ay nagtapat sa ginawang matamang pagsisiyasat sa kanila.

Sa paguusap ni Dr. Tablan at Dr. Infantado:

—Bakit ninyo inatopsia ang bangkay nang walang kapahintulutan ang may kapangyarihan?

—Siya pong hiniling sa akin ng Tiniente Bartolome at kawal ng konstable.

—Kayo ay nagpamalas ng labis na pakikipagkapwa-tao sa dalawang alagad ng batas. Wala namang taglay ang mga ito na isang kasulatan buhat sa kanilang puno upang ipagutos nga ang bagay na iyan! Hindi ba ninyo nababatid na di ninyo katungkulan ang umatopsia ng isang patay, sapagka't ito'y tungkulin ng manggagamot ng sanidad?

—Ako po'y nanalig sa kanilang sinabi sapagka't sila ay alagad ng batas. Ako nga po'y nagkulang din naman!

—Kayo, Dr. Infantado, ay may malaking pananagutan, gayon din ang Tiniente Bartolome at kawal ng konstable.

Nang siyasatin ni Dr. Tablan si Benito Asebran:

—Bakit ninyo hinukay ang bangkay?


—Pinilit po ako ng dalawang alagad ng batas.

—Ikaw ay mananagot din pagsapit sa hukuman.

Matapos ang pasisiyasat ay lumisan ng naganang dugo. Kinabukasan din (Nasa Pahina 10 ang karugtong).

Ngiti Ng Tagumgay!

SA INGIT NG . . .
(Kar. Nasa Pah. 20)



FRANKLIN D. ROOSEVELT

Sa buong kasaysayan ng mga nakaraang halalan ay maituturing na malaking pagtatagumpay ang muling pagkakahalal kay Franklin D. Roosevelt, sa luklukan ng pangkalahatang Pangulo ng Bansang Amerika.

Gayon din naman ang pagkakahalal sa Mataas na Komisionado Frank Murphy, sa pagka Gobernador ng Michigan.

Marapat sila kapwang tumanggap ng mataas na pagbati ng Sangbayanang Pilipino. "Makaasa tayo na sa ilalim ng kanilang kapangyarihan, ay nasa mabuting hinaharap ang Pilipinas!", ang pahayag ng Pangulong Quezon.

lap na kaya ko nakita ay dahil sa ilaw na dala ng isa sa aming magkaka-sama. Humanda ako sa ano mang mang-yayari sapagka't alam kong ako ang kanyang kinagagalitan una'y may pahatid na siya sa aking balita na ako raw ay "Puting Tainga" at ayaw kong paligawan ang aking tiyahing nagngangalan namang Sabina Payad, isang dalagang taga Ulat din, kaya ang ginawa ko ay binunot ko ang aking kortapluma. Sinugod niya ako ng saksak, na akin namang nailagan at bilang ganti ay wala lang taros ko na siyang sinaksak dahil sa alam kong talagang ako ay kanyang papatayin.

Ang mga pahayag na iyan ay siyang iniingatan ngayon ng mga pinunong kinauukulan upang iharap sa piskal ng lalawigan.

Ang patalim na ginamit ni Sumagi sa pananaksak kay Mateo Caudra ipinasuri ng puno ng polisia sa Sanggunian ng Sanidad. Ang sandatang iyon ay siya diumanong ipinagkaloob sa hepe ng polisia ni Manuel Sumagi.

Dahilan sa pagkakaaming iyan sa kasalanan, si Manuel Sumagi ay parang nasiyahan na ngayon dahil sa naibulalas na ang kanyang loobin. Dati ay hindi siya matahimik sapagka't inaala nga ang dulang namagitan sa kanya, hanggang sa siya ay dumulog sa manananggol upang ihanda ang sarili sa ono mang kahihinatnan ng kanyang kapalaran.

Bagaman at sarisaring palagay ang parang ahas na gumagapang sa apat na sulok ng lalawigang Kabite na ang pinagbuhatan ng patayang ito ay may kinalaman sa pagiinggitan, ang mga ito naman ay hindi pa maliwanagan sapagka't ibinabalitaing si Dolores naman na kanilang pinipintuho ay wala pang naitatangi sa kanila.

Gayon man, tinitiyak ng marami na ang ipinagpanting ng tainga ng nakamatay ay buhat sa salitaing "Puting Tainga" na binanggit umano ni Cuadra. Sapagka't ang salitang ito bagaman at talamak sa boong lalawigan ng Kabite, ay talagang ikinagagalit ng sino mang mapagwikaan ng katagang ito.

Sa kasalukuyan, ang nakamatay na si Manuel Sumagi ay napipiit ngayon sa piitang munisipal sa Silang, Kabite.



KRIMINAL na Magnanakaw ng Puri!

MALUNGKOT NA KASAYSAYAN NG MAGANDANG MUTYANG PINASLANG NG ISANG LALAKE. MATAPOS NA MAPAGSAMANTALAHAN ITO.

Halaw ni ROBERTO C. DE GUZMAN

Hatinggabing kalaliman noon!

Isang "bohemiong" lalake ang nagpupumilit na magiyagis at mailugso ang puri ng isang magandang dilag na nagpamalas naman ng pagtatagumpay ng bohemiopang maipagsanggalang ang gipit niyang kalagayan.

Mga impit na hiyaw! panangis at buntong hininga....

Iyan ang naging piping saksi sa malabis na panghihina ng babae, sa kabilala naman ng pagtatagumpay ng bohemiopang kanyang lisyang hangarin.

Hindi pa nagkasya sa mahalay na ginawing iyon ay walang habag na pinaslang ito. Pagkatapos ay tinalikuran ang pinagnakawan ng sumandaling aliw, na nakahandusay at tigmak ng masaganang dugo!

Unti-unti ng bumabati noon ang silahis nang pagbubukang liwayway.... Ang katahimikang naghari sa buong magdamag ay pinaram ng mahinahong paglalakad ng isang maggagatas na si William Lang, na kasalukuyang gumaganap sa kanyang tungkuling pagrasyon ng gatas sa bahay-bahay.

Nang mapalapit si Lang sa may bakuran ng isang tahanan ay nakarinig siya ng mga daing at panangis na sinapantaha niyang buhat sa isang kaluluwang nais ng panawan ng hininga.

Kapagdaka'y kinuha ni Lang ang kanyang "flashlight" at tinanglawan ang puting bagay na kanyang napansin.

Subali't ano ang kanyang nakita?

Nahintakutan siya... at biglang napatakpong palabas sa bakuran.

Tumawag kayo ng pulis! May babae sa bakurang yaon na duguan ang buong katawan—ang sigaw niya sa isang lalakeng naglalakad sa lansangan.

Pinagbalikang muli ni Lang ang naturang babae, na noo'y dumadaing sa hapdi ng mga sugat sa katawan, at ang damit ay halos kulay dugo na. Sa loob ng limang minuto hanggang dumating ang may kapangyarihan ay hindi tumitinag si Lang sa kanyang kinatatayuan na wari'y binabantayan ang tinampalasang babae.

Ang puno ng polisya Edward J. Mc. Feely ng Hoboken, New Jersey, kasama ang dalawang tiktik at tatlong alagad ng batas ay dumating sa pook na pinangyarihan ng krimen, noong Mayo 24, 1925. Ang isinagawang pagsisiyasat ay di agad nagdulot ng liwanag sa mataling ikatututop sa salarin.

Ayon sa mga manggagamot na nag-

siyasat sa sugatang katawan ng babae, ay ito'y pinaslang ng isang walang pakundangang lalake, dahil sa mga pusa at nalalatayan ng mga galos ang dibdib, mukha at ilong.

Napatunayan din ng mga manggagamot na ang babaeng ito ay nakibaka sa pakikipagtunggali sa lalakeng gumiyagis sa kanyang puri, dahil sa ang kanyang mga malantik at mahabang kuko sa daliri ay pawang nangabalikwas at ang ilan ay nangaputol. Siya'y nakilaban hanggang sa huling sandaling panawan siya ng lakas.

Sa tahananang kinatagpuan sa may bakuran sa kalunos-lunos na ayos ng babae, ay walang sukat na matagpuang katibayan ang mga umuusig upang ikalutas sa mahiwagang krimen.

Makalipas ang limang oras sa pagamutang St. Mary, ay muling nagkamalaytao ang babaeng tinampalasan. Ito ang kanyang naipahayag:

—Elenore Quinn ang aking pangalan... Nakatira ako sa daang West, bilang 39, Nueva York. Nagtungo ako sa bayan ng Hoboken na kasama ang lalakeng nangangalang Harry, na sa simula pa ay hindi ko kakilala. Pinilit niyang kunin ako sa aking silid na tutulugan. Tinampalasan niya ako!... at... Naku po! hindi ko na nabatid pa ang nangyari. Siya'y hindi man lamang nagdalang habag sa akin. Dakpin ninyo siya! Harry ang kanyang pangalan...

Ilang sandali pa ay nalagutan ng hininga si Elenore Quinn, matapos ma-

sambit ang ngalan ng kriminal na pumaslang sa kanya.

Tiyak na rin napagalaman sa kanyang mga magulang at kaibigan, na siya, si Elenore, ay may 23 taon gulang at kilala halos sa buong pook ng Broadway.

Nakaugalian niya ang malimit na pagtungo sa mga bahay aliwan at pagtungga ng alak. Ang hilig niya ay ang makihalubilo sa mga kasayahan, at dito nga niya nakatagpo si Harry—at si kamatayan.

Sino si Harry?

Iyan ang mabigat na suliraning hinaharap ng mga alagad ng batas. Ang dalawang pangkat ng tiktik sa Hoboken at Manhattan ay nagpamalas ng kanilang makakayanan sa kagyat na ikatutuklas sa salarin, subali't wala rin bagay silang makuha upang lumiwanag ang landas sa kanilang paguusig.

Patuloy din ang masusing pagsisiyasat ng puno ng polisya Mc. Feely. Sa pook na pinangyarihan ng madugong krimen ay may nakapaghimatong na nakakikilala kay Harry, na noong gabing iyon ay kasama nga si Elenore. Noon ay kapwa sila diumano nagpalipas sandali sa pagtungga ng "whisky". Ang ilang mamamayan sa Hoboken na pawang nakakikilala kay Harry ay nagtapat na ito ay isang binata, maitim ang kutis, pangkaraniwan ang pangangatawan at isang tunay na bohemiop.

Isang matandang ginang ang nagtatawag (Nasa Pah. 9 ang Kar.)



Nasa larawan ang duguang bangkay ni Candido Javier, matapos ang nakapanggingilabot na panagaan ng magaanak sa Kuyapo.

NANGHALIPAW NG....

(Karugtong ng Pahina 5)

asawa ni Candido ang bagay na ito. Patakbo pa siyang tumungo sa pook ng krimen upang ipagsanggalang sa nangangagalit na si Ernesto ang buhay ng kanyang asawa at anak, subali't tulad din ng dalawang unang nangasawi sa kamay ni Ernesto ang babaing ito na kasalukuyang nagdadalang tao ay sinamang palad na mataga rin hanggang sa mawalan ng malay taong malugmok sa lupa.

Dahilan sa nasaksihang iyan, ang mga tao sa pook na iyon ay lalong inalihan ng malaking pangamba at takot. Pinagibayo ang tibay ng tarangka sa kanilang mga pintuan, gayon din sa mga durungawan. Nananalig silang si Ernesto de los Reyes ay ganap ng nasiraan ng bait.... humentado na!

Salamat sa isang naglakas loob na nanghikayat sa mga malalapit doon at nakuhang payapain ang silakbo ng galit ng nanugat na ito, hanggang sa may makapagsabi sa mga may kapangyarihan sa kabayanan ng Kuyapo na siyang nagsidalo sa madugong krimeng ito.

Si Ernesto ay dinakip noon din at dinala sa piitang bayan sa Kuyapo at ang puno naman ng polisia ay inihanda ang kaukulang sakdal sa iharap sa hukuman pamayapa sa mga unang sandali ng araw na iyon, subali't sa pagkamatay ni Candido Javier sa Ospital ng lalawigan sa Kabanatuan ay binago agad ang sakdal at ginawang asesinato, nabigong pagpatay, panunugat ng malubha at ang pagkakatapatay pa kay Mariano na anak ni Candido.

Ukol sa ikalalaya niyang pangsamantala, ang hukuman doon ay nagtakda agad ng halagang walongpung libong piso. Hanggang sa kasalukuyang sinusulat ang lathalang ito ay hindi pa nakalalaya si Ernesto sa piitan sa kawalan ng salaping maipagkaloob na siyang hinihingi ng may kapangyarihan.

NASAWI O....

(Karugtong ng Pahina 7)

na ang mga tagapagusig at iniwan sa mahigpit na suliranin ang dalawang sina Dr. Infantado at Benito Asebran.

Sangayon sa pahayag ni Dr. Domingo Tablan sa amin ay malamang magkabalitaktakan sa hukuman ang dalawang panig: Sina Dr. Francisco S. Infantado at Benito Asebran laban sa Tiniente Bartolome at konstable.

Ang sino man sa kanila na mapatunayan may kasalanan sa hukuman, ay mabibilanggo ng tig-anim na buwan at magmumulta ng P200.00 ang bawa't isa.

Sa buong kasaysayan ng bayang Angat, Bulakan, ay ngayon lamang nasaksihan ang maalingasngas na pangyayaring ito.

KRIMINAL NA.....

(Karugtong ng Pahina 9)

pat din na di umano'y nakasakay niya ang isang lalake na may bahid ng dugo ang damit sa treng "Express" patungong Manhattan noon ding gabing iyon. Ayon sa nasabing ginang ay na-kaalit ng nasabing lalake ang isang konduktor sa tren.

Dahil dito, kaya't minarapat ni Mc. Feely na idaan sa masusing paguusig ang nabanggit na konduktor, gayon din ang makinista ng tren na nagtungo sa Manhattan noong gabing nabanggit.

—Sino ang lalakeng duguan ang damit na sumakay sa inyo noong mag-uumaga ng Mayo 24,—ang usisa ni Mc. Keely sa konduktor.

—Siya'y si William Gormley. Naki-kilala ko siya na paminsan-minsan ay pumapasok na "timekeeper" sa perokaril. Nang tanungin ko siya kung bakit may bahid ng dugo ang kanyang damit ay sinagot niya ako na ito ay likha ng pagdaloy ng dugo sa kaniyang ilong, dahil sa pakikipagaway. Buhat po siya sa New Jersey at sinabing patungong Newark. Iyan po lamang ang maipagtatapat ko sa inyo.

—Batid mo ba kung saan siya nakatira?

—Sa Nueva York po.

Hindi naglipat sandali si Mc. Keely, ang puno ng polisia sa Hoboken, ay nasa harap na ng isang pintuan ng tahanan ng tinutuluyan ni William, alias Harry.

Isang matandang dalaga ang sumalubong sa kanya at nagtapat na si William ay di umuwi ng bahay na mayroon na noong apat na araw. Natiyak ni Mc. Feely na si William nga na may bahid ang dugo, na sumakay sa tren, ang tunay na salarin, sapagka't apat na araw nga nang masakihan ang nakapangin-gilabot na katampalasan.

Buhat sa ibang naguusig ay umabot na rin sa kaalaman ni Mc. Feely, na si William ay may 26 taon gulang, limang talampakan at walong pulgada ang taas, tumitimbang ng may 160 libras at ang buhok ay kulay itim at olandes. Ibinabalita rin na siya ay tunay na bohemia at isang salot ng kababaihan.

Subali't ang lalong nagdulot ng mahiwagang pangyayaring ito ay ang isang polisya na nangangalang Walter Fullon, na kasalukuyang nagbabakasyon nang maganap ang krimen.

Nang manungkulan si Walter noong ika 1 ng Hunio, ay walang atubiling lumapit siya sa tanggapan ng puno ng polisia na Mc. Feely at nagpahag ng ganito:

—Sinusubaybayan ko po ang maalingasngas na krimeng ito sa pahayagan, tsip. Kilala ko po si William Gormley.

—Mga bata pa kaming paslit ay kasama-sama ko na siya. Mayroon po ta-

SA INGIT NGA....

(Karugtong ng Pahina 6)

Manuel. Ang teniente Rueda ng hukbong pilipino sa Imus ay nagpagalaw noon din sapagka't ang pinaghihinalang kriminal ay nagtatago na at hindi na mabatid kung saan napatungo simula ng gabing mangyari ang madugong krimen.

Sa kabila ng mga pangyayaring iyan, ang suliranin ay naging mahiwaga, sapagka't ang simula ng pagkakagalit ay hindi pa nalilinan hanggang sa mga araw na sinundan ng gabing matuklasan ang bangkay ni Mateo, bakit may nagsasabi namang ang dalawang ito ay laging nakikita na magkasama at sa malaas ay hindi maaaring humantong sa gayong pangyayari ang kanilang pagkakaibigan.

Ang himpilan ng konstabularia sa Imus ay nagibayo ng pagsusumakit upang tuklasin ang lahat ng katibayang nalalaban sa kanila. Salamat at ang walong kasamahan ni Mateo nang gabing mangyari ang madugong pagpanagupá ay nagsipagpahayag din na ang mga ito ay pawang sinumpaan sa mga pinunong kinauukulan.

Ipinagtapat nilang ang pinagmulan ng pagkakaaway ay napatunayan na rin sa salaysay ng bawa't isa na may kina alaman sa inggitan. Kung ano ang pinagbuhatan ng pagkainggit ng isa ay sinasabi at siyang matibay na palagay ng iba na ito ay mula sa babai.

Bagaman at maraming palapalagay na nahiwatigan ang mga mamamayan tungkol sa patayayang ito, na ang iba ay may teoriang si Mateo Cuadra ay pinagtangkaang pagnakawan ng pumalang, ang bagay na ito ay parang ulap na nawala dahil sa pagkakatuklas sa bulsa ng nasawi ng halagang P9.14 bukod pa ang ilang butif ng kendi na ipinalalagay na kinakain ng mga sandaling sila ay magaway.

(Nasa Pahina 20 ang Karugtong)

yong makukuhang katibayan niya—ang kaniyang larawan at bakas ng daliri.

Ang larawan ni Gormley ay isang mahalagang bagay sa madaliang ikatututop niya, subali't di gaanong makunan ng liwanag ang bakas ng kaniyang mga daliri. Ito'y malabo, hindi makilala and guhit at walang saysay sa pagkikilanan niya.

Si Sarhento John Sullivan, dalubhasa sa mga bakas ng daliri, ay nagpakasakit upang makilala ang bakas ng daliri ni Gormley.

Matapos matipong lahat ang ulat sa nangyaring krimen, ay kumilos ang lahat halos ng alagad ng batas sa buong Amerika.

Ang tahanan ng mga Gormley sa kabukiran ng Greenwich, ay pinatalibang mabuti, at sinamsam lahat ang

(Karugtong ng Pahina 18)

Bangkay na Nang Mahalin

Kuento ni Jose C. Timbang

Remy:

Pagkatanggap mo nito ay pag-aralan mo na akong katkatin sa iyong gunita at iyo nang ilibing sa limot ang pagibig mo sa akin. Arin mo na lamang na isang maikling panaginip ang ating mga lumipas na pagsusuyuan at itulad sa isang pangarap ang lahat nang nanamagitan sa atin. Hindi ko na na-is na lumawig pa ang ating pagmamahalan, sapagka't ako'y nahahabag sa iyo... naawa ako sa dahilang hindi kailan man kita maaaring arin. Pinagalaran ko na sana na ikaaw ay mahalín at igawa ng isang tanging pitak sa aking puso, subali't ang pag-ibig pala ay di maaaring pagaralan... Kaya't Remy, paalam at patawad!

Ruben

—Pagaralan limutin! pagkatasos na maipagkaloob ko ang tanging kayamanang pamana sa akin ng yumao kong mga magugulan! katkatin sa gunita ang damdaming siya rin ang nagturo... tapusin ang isang bagay na isinumpa kong tanging kamatayan lamang ang maaaring tumapos? Ruben ano kaya ang nagawa kong pagkakasala upang iyong igawad sa akin ang ganitong kaparusahang makalilibo pang mapait kay sa kamatayan?.. naging pagkakasala ko na ba ang pairugan kita sa lahat mong lunggati at kahilingan sa akin?—ang malungkot na himutok na abang dalaga, pagkatapos na madama ang isinasad nang makamandag na kalatas ng kanyang minahal ng higit sa buhay; kamandag na lumason sa kanyang pananalig sa katapatan at kadakilaan ng mga sumpa ng

isang lalaki, at kumitil sa kanyang pagasa ná bálang araw ay magiging ganap ang kanyang kaligayahang malaon nang pinangarap sa buhay. Gayon man, ang kalupitang ipinalasap sa kanya ni Ruben ay hindi nakapag-bago munti man sa kawagasan ng kanyang pagibig bagkus lalo't lalo pang tumingkad ang kayang pagtatangi... sa paniniwaláng bukas makalawa'y si Ruben ay muling babalik upang minsan pa nilang lasapin ang wari'y nagtampo ng kaligayahan.

Higit sa lahat ng araw, iyon na kaypala ang itinuturing ni Remy na pinakamalungkot na sandali sa kanyang buhay, kaya't nang siya'y pumasok sa pagamutang kanyang pinaglilingkuran ang lahat ng kanyang kasamahan ay dili ang hindi napuna ang kapighatiang kanyang tinatamasa.

—Wala pong ano man—ang tanging isinasagot ng dalaga sa baw't magtanong sa kanya ng mga kadahilanan; na pilit rin pinasasasaya ang mukha, kasabay ang pamimilaylay ng ngiti sa labi upang siya ay di mahalata. Subali't ang luhang kumislap at naguunahang dumaloy sa mapupungay niyang mata ang siyang nagpapakilala na si Remy ang maganda, mahinhin at masipag na nars ay nalulungkot... naninimdim... at nagdurusa.

Lumipas ang maraming araw ng pagtitiis... sinundan ng mga buwang tigmak sa patak ng luha... at hinabol ng mga taong saganang sa pagpapakasakit... subali't sa puso't alaala ni Remy ay di nawaglit man lamang ang larawan

ng naglahong kasuyo. Ang dalang inusual-usal ng mapuputla niyang mga labi, "na si Ruben ay lumigaya", ay di nakaligtang sambit-sambitin. Ang pagaalaga sa mga may sakit ay lalo pa niyang pinagibayo, kaya't walang hindi pumuri, namitagan at nagmahal sa kanya.

Subali't...

Isang dapit-hapon, samantalang si Remy ay payapang nakahilig sa isang silyon sa balkon ng hospital, at isa-isang binubuklat sa dahon ng kanyang alaala ang mga lumipas na pagsusuyuan nila ni Ruben; ay bigla na lamang siyang ginulat ng biglang pagdating ng isang kasamahang nars. — Miss Punzalan, ipagpaumanhin ninyo ang kayo ay aking gambalain, sa dahilang kayo ay pinatatawag lamang ni Dr. Pamintuan, at kayo raw ay kakatulungin sa isang maselang na gawain—ang balita ng dumating.

Si Remy ay kaagad ng tumayo at patakpong tinungo ang silid na pinaghihintayan sa kanya, ngunit sa di malamang sanhi ay naramdaman na lamang niya ang mabilis na pagtahirip ng kanyang dibdib at dumalas ang pagtibok ng kanyang puso.

At...

Halos mapugto ang kanyang hininga at di napigilan ang pagpatak ng luha nang kanyang makita ang isang lalaking di bago sa kanyang pangmalas na noon ay halos wala ng hininga sanhi sa masaganang dugong dumadaloy sa kanyang tinamong mga sugat dahil sa pagkabangga ng autong sinasak-

Bababeng nasiphayo sa pag-ibig, na minatamis pa ang Kamatayan, mailigtas lamang ang taksil na asawa!

yan ng dalawang magkasi sa isang poste.

—Hindi, hindi ako nagkakamali, siya nga'y si Ruben.—ang bulong ng dalaga sa sarili habang kanyang pinagagala ang paningin sa paligid. Sa paanan ng sugatan ay nakita niya ang isang lumuluhang babai na may bahid ng dugo sa damit.

—Ito na marahil ang nagnakaw ng aking kaligayahan, na kasama ng aking irog sa autong napahamak—ang muling bulong ni Remy sa sarili.

Si Dr. Pamintuan na siyang tumitingin sa napahamak ay pailingiling na nagturing. Isa na lamang ang nalalabing pagasa upang siya ay makaligtas sa tiyak na kamatayan, kailangang siya'y lipatan ng dugo sa katawan.

Si Mercedes Villasanta, ang kasama ng napahamak at katipan pa nito ay agad na nagtanong:

—Sino sa inyo ang makapagbibili ng inyong dugo?...na laan kong bayaran kahi't na sa ano mang halaga.

Walang umimik sino man, subali't si Remy ay biglang lumapit sa doctor at nagwika:

—Doktor, narito po ang aking katawan, kunin na ninyo ang kahit na kahuli-hulihang patak ng aking dugo kung siyang kailangan, subalit ang paghahandog ko nito ay hindi nang dahil sa kabayaran ng ipinangako ni Bb. Villasanta, kundi upang mabigyan ko lamang ng katuparan ang aking...sige doktor hangga't di pa huli ang lahat!

Si Mercedes ay parang namalakayang di makaimik.

Matapos na maihanda ang lahat ng mga kagamitan ay pinasimulang isagawa ang pagsasalin ng dugo ni Remy sa katawan ni Ruben.

—Wala ng panganib—ang nasisiyahang saad ng manggagamot pagkatapos na makilala niyang nasa mabuting kalagayan ang napahamak. Salamat na lamang at si Ruben ay nalipatan ng dugo.

Datapwa't si Mercedes noong mga sandaling iyon ay wala na,

dahil sa laki ng kahihyang tinamo ay umalis ng walang paalam. . . samantalang si Remy ay nakangiting lumuluhang nagmamasid sa dati niyang kasi, na di batid ang buong nangyari.

Isa, dalawa, tatlong linggo ang nagmistulang talulot ng bulaklak na nalagas sa tangkay ng panahonSi Ruben ay ganap ng magaling at gayak ng magandang bihisan ay lumabas sa pagamutan. Kahit na siya ay naghihinanakit sa hindi pagdalaw sa kanya ng katipan niyang si Mercedes, ay di pa rin niya nalilimot ito.

—Dr. Pamintuan, taos-pusong nagpapasalamat ako sa inyo, huwag sana kayong magaalinlangang tumawag sa akin kung sakali't ako'y inyong kakailanganin.—ang saad ni Ruben nang kanyang masalubong ang doktor sa kanyang paglabas ng silid na kanyang pinanggalingan.

—Aba! Ruben, hindi mo na ba dadalawin man lamang ang babaeng pinagkakautangan mo ng iyong buhay bago ka lumisan? Nariryan sa silid, Ruben, ang babaing nang dahil sa iyo'y inilaan ang buhay maligtas ka lamang.—sabay turo sa isang kalapit na silid.

—Marahil ito'y si Mercedes, kung kaya't siya'y minsan man ay di ako nadalaw.—ang bulong sa sarili ni Ruben at patakibong tinungo ang pintuan ng nasabing silid. Dahan-dahang binuksan ito na ang puso ay kakabakaba. At si Ruben ay halos mabaliw nang matambad sa kanyang paningin ang maputla at hapis na mukha ni Remy, ang babaing kanyang nilimot. . .itinakwil. . . pinagtaksilan. . .! Pasugod siyang lumapit at lumuhod sa gilid ng kama at marahang nagwika na sa mata'y bumabalang ang masaganang luha. Si Remy ay tinakasan na ng sigla ng katawan, dahil sa dugong nawala sa kanyang katawan.

—Remy, diyata't sa kabila ng ginawa kong kalupitan sa iyo ay naatim pa rin ng iyong puso ang ako'y iligtas sa isang tiyak na kamatayan?

Ang may sakit ay unti-unting idinilat ang mga matang pinanglabo na ng mapapait na luha at masasaklap na tiisin, at matapos hangurin ng tigin ang lumuluhang binata ay tumingin sa langit at malungkot na dumalangin.—Salamat po Dios ko! at natupad ko rin ang aking pangako! . . . ngayon po'y kunin na Ninyo ako. . .yayamang. . .! Ruben, —ang baling sa binata—Wala na, madilim na sa akin ang daigdig. . . hayun! hayun ang mga angel at ako'y kaniyang kinakawayan. . . eto na sila Ruben at malapit na sa akin. . . . sayong at iisa ang buhay kong ito upang maihandog at maipaglingkod ko sa iyo. . . Ru. . . ben. . . paa. . . lam. . . !

—Hindi, hindi ka mamamatay—ang lumuluhang patlang ni Ruben. —mahal kita at mamahalin hanggang may hiningang nalalabi sa aking puso. Ang iyong kadakilaan at walang pangalawang pagpapakasakit ay gagantihin ko ng isang lubos na paglingap at walang kamatayang pagibig. Ang naglaho nating kaligayahan ay isa-isa kong pupulutin upang muling manariwa sa ating gunita ang maligaya nating kahapon. Remy . . . pinatawad mo na ba ako?

Subalit sino ang maliligayahan sa gayong pangako? Sino ang makadadama ng gayong kay tamis na mga sumpa, sino pa kaya ang makadadama ng kanyang pagmamahal. . . at sino pa kaya ang maggagawad ng isinasamog niyang kapatawaran. . . ? Ah! wala na, si Remy, ang abang si Remy ay patay na. . . . ang babaing hanggang sa huling sandali ng amis niyang buhay ay ipinakilala na iisa ang kanyang pagibig, iisa ang kanyang sumpa at banal ang kanyang kaluluwang haharap sa DAKILANG LUMIKHA. Hindi. . . hindi na nga maaaring madama pa, ni marinig ang matatamis na sumpa, ni ang banal na pangako ni Ruben sa dahilang si Remy, ang may dakilang kaluluwa ay "BANGKAY NA NANG KANYANG MAHALIN."

DALAWANG PUSONG
NAGKATALIK MATA-
POS ANG MAINAPOY
NA DIGMA NG PAG-
IBIG.



A. de BORJA

—Helooo...

—Iyan po ba ang pasulatan ng BALARAW?

—Ang Patnugot po, kung naririyang sila.

—Si Rolando po ito. Tawagin ninyo ang ating takigrapa at may magandang balita ako sa inyo. Isa itong pag-aalsa ng mga taong bayan na nagbu-mga ng madugong patayan. Naririto ako ngayon sa bayan ng T.

At, sa lalong maningning na pagulat ay nalathalang lahat sa "Balaraw" ang kalagimlagim na patayan nangyari sa nasabing bayan.

May isang buwan nang mahigit na lalong sariwang mga balita ang sa tuwina'y taglay ng pahayagang yaon. Labis na humahanga tuloy ang ibang mga pasulatan sapagka't hindi pa, man lamang nagsisidating ang kanilang mga kinatawan ay nakapagpalabas na ng "Extra" ang "Balaraw" gayong mag-iisang buwan na ring napagalaman nila na ang lalong kilala sa taguring "Star Reporter" ng pahagang iyon ay may tinatamong mabigat na karamdaman at tuloy hindi sumisipot sa kanilang pasulatan; samantala'y patuloy naman ang sigla ng pagpapahatid nito ng mga sariwang balita.

—Ang tatay ninyo, ginoong Isagani.—usisa ng patnugot sa binata minsang magdala ito ng isang kagila-gilalas na namang balita sa pangalan ng kanyang ama.

—Nasa lalawigan po, kaya ako na lamang ang pinapagdala nito.

—Lagi na lamang sila sa lalawigan at hindi na sumisipot dito sa tanggapan?

—Kung minsan nga po ay namamalagi sila roon. Bakit po, nakasasamba ba sa kanila ang hindi pagsipot dito?

—Hindi naman, sapagka't sa halip na sila'y kulangin ng mga ibabalita ay lalo pa ngang nagiging marami at napakaagap. Kaya ko lamang naitatamong ay nasasabik naman kaming makita siya.

—Pabayaang po ninyo at ibabalita ko sa aking ama ang ating pinagusapan.

Patuloy ang pagtatagumpay ni Isagani sa pagkuha ng magandang balita, na lingid sa kaalaman ng patnugot na siya ang tumutupad sa tungkulin

ANAK ng REPORTER

Kwento ni Antonio de Borja

ng kanyang amang may sakit. Kinusang ilihim ni Isagani ang pagkakaroon ng karamdaman ng kanyang ama, sa pagnanais na siya ang makagamit ng mga katibayan nito.

Datapuwa't ang kasabihang sa kabila ng alin mang pagtatagumpay ay may pagkabigong dumarating, ay minsan pang napatunayan sa kapalaran ni Isagani.

Patuloy ang kanyang mga tagumpay sa pagsusulat, samantalang sa pitak naman ng puso ni Rosita ay palaging ginigiyagis ng mga luksang anino ng malagim na pagkabigo at kawil-kawil na hagnip ng kasaliwaang palad.

—Rosita, kung sa ubod ng iyong puso'y hindi nagkaroon ng kahit bahagyang pitak ang aking dalisay na paghibik, ay tapatin mo na sana ako, upang ang walang kasing pait mong kahatulan ay maging patnubay ko sa malungkot na dapit-hapong, sa sandaling ang aking malamig na bangkay ay inihahatid na sa huling hantungan sa saliw ng kahambal-hambal na plegaria ng mga batingaw.—mahabang hinaing ni Isagani sa saliw ng mga himutok.

—Nguni't Isagani,—ang tugon ng dalaga.—Huwag kang mainip at darating din ang iyong kinabukasang batbat ng magagandang kapalaran.

—Kailan pa, kung ako'y wala nang hininga at sa aking mga ugat ay wala nang dugong nananalaytay?

—Tadhana ang makapagsasabi.

Subali't, oh! Palad! Anong saklap lasapin ng mahahapding pasakit na dulot ng isang tinitimping pagibig. At kung nalalaman lamang ni Isagani na si Rosita man ay naghihirap ding katulad niya, nagpapakasakit at inaalin-tana ang simbuho ng isang pagsintang nayayabungan ng isang kapangyarihan, siya man ay maaawa rin.

—Rosita,—ang madalas namang palaala ng ama nito.—Umibig ka na sa isang manghuhukay sa lansangan ay huwag lamang diyan sa anak ng manunulat na katulad niyang si Isagani.

—Nguni't, tatay, bagaman po at hindi ko pa iniibig si Isagani ay masasabi ko po namang taglay niya ang isang di pangkaraniwang kabaitan.

—Mabait nga, subali't makikita mo ba ang hilig niyan. Bumigkas ng tula, magsulat ng kwento at kumuha ng mga balitang katulad ng kanyang ama. Hindi ka liligaya sa piling ng isang manunulat na sa kinikita ay di gaanong sapat upang sa kanyang palad ay lumigaya ang isang pamilia. At ilan

ngayon ang babae ni Rolando. Si Isagani pa kaya ang hindi magmana sa kaniyang ama sa iya'y isang maganda at palikerong binata. At nalalaman mo ba kung ikailan ka sa kaniyang mga nililgawan sa ngayon.



Si Rosita

—Tatay, maging malikot man po si Isagani ay wala namang asawa.

—Sukat na ang mga pagtatanggol mong iyan kung di mo ibig na magalit ako sa iyo.

At palihabsa'y lubhang masunurin si Rosita sa pithaya ng magulang kaya't naghihirap man ang kaniyang kaloo-ban ay pikit-mata na rin siyang sumusunod.

Sadyang ang damdamin ng tao ay mahirap magkaisa. Kung papaanong ang magandang si Rosita, ang mutyang may ngiting mapanghalina at may mga matang kasing lamlam ng dapit hapon, sa kaniyang pagiging mabuting kwentista sa wika ni Shakespeare ay totoong mahiliging makipagkaibigan at makipagkilala sa mga alagad ng wika ni Balagtas, subali't ang kaniyang ama, na bagama't labis din nasisiyahan at humahanga sa matalinong bunga ng panitik ng anak ay kung bakit muhingmuhi sa mga kakilala nitong manunulat.

Si Graciano ang napupusuan ng matanda at labis namang itinatakwil ng dalaga.

Dakilang araw noon ng mga patay!...

Isang pagkakataon para sa anak ng reporter. Tinudla ng silahis ng araw ang kapalaran ni Isagani na dati'y hagkis ng dalamhati at kawalang pag-asa.

Madalang na noon ang taong makikita sa libingan. Maging ang mga nag-yao't ditong sasakyan ay mangilang ngilan na lamang ang nagsisipagdaan, sa mga pook ng kalaanan patungong Paang Bundok, Malabon at Kalookan.

At samantalang ang magkaibigang Isagani at Dario ay galing sa "Centro Cabaret" patungong Dasmariñas at Legaspi Garden, sa balak na sunduin ang mga kakilalang magagandang dilag, ay isang autong V-8 ang kanilang napunang lumiligid sa mataas na bantayog ni Bonifacio at patungong Bulakan.

—Dario, hindi ba maaaring subaybayan natin ang sasakyang yaon—mungkahi ni Isagani—tingnan mo at may takip ang bilang sa hulihan. Kahina-hinala. Baka sakaling isang magandang balita na naman ang makuha natin.

—Para kang ngayon lamang sa akin Isagani—at walang pasubaling iniliko ang kaniyang "run-about" na sinasakyan nilang dalawa.

3—Ang anak ng eporter RL

—Magpatay tayo ng ilaw, Dario, upang huwag mahalatang mayroong sumusubaybay sa kanila. Huwag mo rin lubhang ipakalalapat.

Ang gabi noon ay lubhang nasasaputan ng kadiliman, bakit ang kanilang tinatahak na landas ay nakakanluhan pa ng mga punong kahoy at mga halaman sa magkabilang panig.

Humihina ang takbo ng kanilang sinusundan at pagtapat sa isang daluyan ng tubig na marahil ay sadyang tukoy ng mga sakay ay tuluyang huminto upang maglagay ng tubig sa tangke.

Sinamantala ni Isagani ang gayong pagkakataon. Mabilis na umibis sa kanilang sasakyan at napakanlong sa dakong hulihan ng sasakyang kanilang sinusubaybayan.

—Huwag ka munang magpapahalata—habilin niya kay Dario bago lumisan sa "run-about."

Walang kamalaymalay ang mga lulan ng berlina na ang kanilang kapa-hamakan ay tila aninong kasama na nila at kasunodsunod saan man sila makarating.

—Graciano, hindi ko akalain may budhi ka palang higit pa sa isang halimaw sa loob na kanyang narinig.

—Rosita, ang pagibig na nasisiphayo ay sapilitang inihahanap ng lunas. Gintong pagkakataon ito para sa aking hindi kailangang sayangin. Nalalaman kong sa inyong pagpapasyal sa loob ng libiñgan ay hindi ninyo kasama ang iyong tatay at nagpahuli pa kayo sa

karamihan. Oh, iyan na lamang ang aking hinihintay.

—Subali't hindi mo ba alam na maaaring napatay ang aming tsuper.

Walang kailangang makuha lamang kita at lubos na masariling katulad ngayon. Oh, anong ligaya ko, sariling sarili ko ang iyong baño upang sam-yuhin at pagpasasaan ang sariwa mong kagandahan. Rosita, ako'y nananabik.

—Utang na loob, Graciano, huwag mo akong lapitan. Mamumuhi sa iyo ang Papa sa ginagawa mong ito.

Ngitngit na ngitngit na si Isagani sa gayong mga naririnig. Nadadagandang ang kanyang puso sa malabis na pagkamuhin. Diyata't ang nasa pañganib ay ang kanyang pinakamamahal sa buhay.

Maliksing binalangkas ang nararapat na gawin. Wala siyang sandata at maaaring ang kanyang mga makakalaban ay husto sa sangkap. Maaari kaya niyang maipañgahas dito ang kaunti niyang bilis at lakas sumuntok. Nakapa sa bulsa ang kanyang lalagyan ng sigarilyo na hugis rebolber, isang maliit na lanseta at ang lalagyan ng sigarilyo ay sapat na sa may mabuting kaparaan sa gayong gipit na kalagayan.

At nang inaakala na niyang malapit



na magahis ang kanyang minamahal sa kuko ng halimaw na si Graciano, nang sa pamamagitan ng mga impit na sigaw ni Rosita at paguubos ng lakas na sinasaliwan pa ng malungkot na hikbi ay nararamdaman na niyang ito'y malapit nang mapariwara, ay tumatag muna sa pagkakatao at saka hinudyatan ang kanyang kasamang si Dario sa pamamagitan ng panyong puti.

Nagsindi namang agad ito ng ilaw at tinangkang makalapit.

—May humahabol sa atin, Martin. Patulinin mo ang takbo—Utos ni Graciano sa kasamang tsuper.

Kumapit munang matatag sa "depensa" ng auto ang ating nakikipagsapalarang binata. Mariing sinaksak ang "reserbang" nasa hulihan na lumikha ng isang malakas na putok at saka pinalo ang salamin sa gawing hulihan din ng nasabing sasakyan.

—Tapakan mo pa ang gasolina, Martin, at magpapaputok ang humahabol sa atin. Ano ka ba, wala ka palang sinasabi sa pagmamaneho. Husto ka lamang sa yabang—lakip ang galit at takot na sigaw ni Graciano.

Ngayon ay ang panghuling pakiki-

pagsapalaran na ang binabalangkas ng matapang na anak ng reporter. Yumuko muna ng bahagya at ang lanseta hawak ay buong iingat nguni't ma-diing isinaksak sa umiikot na gulong ng sasakyan.

—Dios ko,—ang nanghihilakbot na sigaw ng tsuper—Pinasabog na nila ang ating gulong sa hulihan.

At samantala'y umaagapay naman ang "run-about" ni Dario. Mabilis na umibis si Isagani at hawak sa kamay ang kanyang lalagyan ng sigarilyo.

—Itaas ang inyong mga kamay upang hindi ko pasabugin ang bao nang inyong ulo—makapangyarihan niyang utos.—hala magsibaba kayo diyan. Dario kapkapan mo silang isa isa at pagkatapos ay gapusin mo ang mga kamay.

—Isagani!—sigaw naman ni Rosita. —Diyata't ikaw. Ikaw ang nagligtas sa akin.

—Pagkakataon ang nagligtas sa iyo.

—Talaga sanang kung hindi kayo dumating ay inisip ko na ang tumalon sa sasakyan kahit na ako mamatay; huwag lamang niyang mailugso ang aking malinis na pagkababai.

—Isinugo ako ng pagkakataon upang ikaw ay hindi masawi.

—Dario, ikaw na ang bahala sa kanila—baling ni Rosita sa kaibigan ng binata,—bihag mo silang dalawa samantalang ako naman ay bihag ni Isagani. Maaari ba naming gamitin itong inyong "run-about?"

—Sa lahat ng oras Rosita—pakli naman ni Dario.

Maguumaga na halos nang pumasok ang dalawang sasakyan sa lungsod ng Maynila.

Samantala'y nagsisigawan na ang mga masisipag na bata sa paglalako ng pahayagan.

—Extra!... Extra!... Patayan kangabi. Isang magandang dalaga ang inagaw.—Ganyan ang sigawan ng mga bata sa lansangan.

Sa pasulatan namang kinabibilangan ni Rolando ay malungkot silang nag-uusap ng patnugot.

—Hindi ko malaman kung bakit ngayon lamang siya naiwan ng balita.—Malungkot na saad ni Rolando sa patnugot.

—Ako man ay labis ding nagtataka, gayong sa kanyang mga nagawa nang nakaraang buwan na wala kaming pag-asa na kayo'y maysakit ay totoong napakaningning at kapuripuri:

—May tumatawag po sa telpono—Ang katlo ng isang kawani.

—Rolando po ito,—sagot sa kabilang dulo nang hawakan na ng patnugot ang auditibo.

—Huwag na kayong magbiro at nari-rito ang inyong tatay. Bakit po kaya tayo nahuli ngayon.

—Ipasubo naman ninyo ang ating (Nasa Pah. 20 ang karugtong)

DULA ng TATLONG PUSO

Akda ni Enrique Baltazar

(Katapusan)

—Maipapakabit ka at mahalina mo sana si Mario, sapagka't talos mong siya'y bata sa iyo. At ikaw Mario, huwag mong lalapastanganin si Renato, pagka't kuya mo siya. Dito sa daigdig na ito ay kayo na lamang dalawa ang nalalabing marapat magtinginan—at ang mahinahong dugtong pa—wala na kayong ama, binawi na ng tunay na nagmamayari sa kanya.

Si Renato at Mario, nang mga sandaling yaon ay kinabakasan ng pamanglaw at waring nakikiramay sa nagdadalamhating si Nora. Ang puso nilang walang kamalay-malay ng pighati ay nakaramdam ng pagkaawa sa nangaral na ina.

—Mama—ani Renato sa natitigilang si Nora—kailan ang uwi ni Dadi?

—Malapit na—ang pagkakaila—at halos ay sinundan nang pabulong na: Hindi na marahil!

Isang malakas na katok sa pintuan ang pumukaw sa magiina. Pinahid ni Nora ang mga luhang namuu sa kanyang mga mata. Pinilit na pinamilaylay ang isang ngiti na halata rin ang pagdurusa ng kalooban. Binuksan ang nakalapat na dahon ng pinto at saka tiningnan kung sino ang tumatawag na panauhin.

—Sila po yata ang Nora Reynado..? —ang bungad ng isang lalakeng mahagway ang pangangatawan at ternong kaki ang kasuutan.

—Ano po ang maipaglilingkod ko sa kanila.

Isang telegrama ang iniabot bilang katugunan.

Hindi pa halos lumalabas ng bakuran ang nasabing mensahero, ay kumaba ang dibdib ni Nora at binuksan ang telegrama....

Subali't bigla siyang nanglupaypay at nagdilim ang kanyang paningin nang matunghan ang isinasaad ng balita. Ginitian ng malamig na pawis ang aliwalas niyang noo at kasabay noon ay naramdaman niyang tila kandila siyang nauupos sa kanyang kinatatayuan.

—Dios ko....!—ang paimpit niyang

sigaw at napahandusay na lamang ang kawawa.

Nagpanangisan ang dalawang bata. Nagpasukan ang mga utusan upang damayan ang tinakasan ng diwang panginoon. Ginawa ng mga ito ang buong makakaya sa ikapapanumbalik nang tumakas na diwa ni Nora. Salamat at ilang sglit lamang ang lumipas at muling pinagsaulan ng dating kabinahunan. Subali't naluha na naman si Nora sa laki ng sama ng loob.

—Mga anak ko...—ang unang namutawi sa kanyang mga labi nang makita ang dalawang anak sa kanyang piling.—Talagang wala kayong palad!



Lumisan si Nora sa gintong higaan upang lunurin ang sarili sa masaklap na luha at di maulatang pagdurusa.

....Talagang tayo'y isinilang na iisa ang uri nang maging kapalaran. Namatay na ang inyong ama at kasama ng malilibing ang ating kaligayahan. Ngayong dapat sanang makita man lamang natin ang kanyang larawan ay naging dahop pa ang awa ng panahon; hindi tayo makapapanhik sa tahananang kanyang kinabuburuan, sapagka't mahigpit na natatanuran. Ipinagbabawal ng tunay na nagmamayari sa inyong ama, ang gambalain natin ang katahimikan ng kanyang tahanan. Magiging lason sa kanilang paningin ang ating

larawan, sapagka't ipinalalagay niya na tayo ang naging kaagaw ng pagmamahal na dapat sanang siya ang makalaspap. Gayon man, kapag tayo ay nagpumilit ay maaaring matalo siya sa matuwid. Wala tayong karapatan sa inyong Dadi ngayon, mga anak ko. Kayo ay anak lamang sa bulag na pagibig ng inyong ina. Dahil sa mataos kong pagmamahal sa inyong ama ay di ko na nagunita na ako'y naging 'biktima' ng isang pagibig; naging salos ng mataimtim na pananalig ng bae ring katulad ko, na noong mga panahong yaon ay hinalakhakan ko pa nang makita ko. At sapagka't inakala kong ito na lamang ang huling pagkakataon na ating maipakikita ang kahalagahan ng inyong ama, bagama't natitiyak kong nahahadlangan ng kapanganiban ang tatahakin nating landas, sa ikatutuklas ng kaparaanan upang makita natin kahi't na bangkay ng inyong ama, ay lakas-loob nating salugahin ang kalbariong yaon na sa malao't madali ay siyang kalilibingan ng ating karangalan.

Ilang saglit pa ang nakaraan...

Lulan ng isang autong P. U. ang magiina, ay nagtungo sa lalawigan. Habang daan ay lumuluha si Nora, at manakanaka, kung natatapanan nang kanyang pansin ang dalawang bunso ay napapabuntong hininga na lamang siya.

—Kungdi lamang dahil sa mga ito—ang himutok niya—sana'y nabigyan na nang kawakasan ang lahat ng aking pagtitiis..

Magiika labing dalawa na noon ng tanghali, nang sila ay sumapit sa tapat ng tahananang kinabuburuan ni Delfin. Hindi kinukusa at dala marahil ng malabis na kalungkutan, pagkatapos na mabayaran ang sasakyan ay tuloytuloy na pumanhik sa tahanan na walang tanging nasa guni-guni kundi si Delfin na kung bagama't wala siyang gaanong karapatan dito, ay alang-alang na lamang sa dalawa nilang bunso.

Nang mabungad siya sa maluwang na bulwagang kinatitipunan ng maraming panauhin ay saka niya nadama ang kahabag-habag niyang katayuan sa harap ng mga ito. Bawa't titig na

(Nasa Pah. 17 ang Kar.)

Nagwakas sa patak ng luha ang mga kapanapanabik na tagpong matutunghayan ninyo ngayon.

Sa Ulilang Hardin

Maikling maikling kuento ni

CELSO F. VILLA

I

Siya ay isang bulaklak. Bulaklak na sariwa, marikit, mabango....

Ako ay isang paruparo. Paruparong dukha, salat sa kisig, walang ningning sa mga pakpak...

Sa Ulilang Hardin..

Natagpuan ko siya!

Humahalmuyak sa kanyang ikalabing pitong Abril.

Nakikipag-ngitnan sa gintong silahis ng bukasang liwayway... Nakikipag-lambingan sa kutitap na dipit-hapon... Nakikipaghalikan sa perlas na hamog ng hatinggabi...

May bango siya ng libong ligaya at buwalhati sa buhay. May kulay siya ng laksang salamisim at pangarap. Ang kanyang kagandaha'y nakikipag-timpalak sa dilag ng mga bituin at ang kanyang kahinhinan ay nakikipagagawan sa iwing karilagan ng ating mayyuming lagaslas...

Inibig ko siya!

Nagsabukangliwayway akong hinahanap ang kanyang matitimyas na ngiti... Nagsadapit-hapon akong nilulungati ang kanyang mga paghalingbing... Nagsahamog akong tinatanuran siya sa mapapanglaw na hatinggabi ng aking pagluha...

II

—Inibig kita, oh, masanghanyang bulaklak ng aking mga panag-impan ang bulong ko sa kanya.

Ngunit di siya umimik.

—Inihandog ko sa iyo ang aking puso, ang aking pag-ibig, ang aking buhay..

Wala pa rin katugunan..

—Ituloklok kita sa gintong dambana, susubbin ng mabangong kamanyang ng aking pagmamahal at dudulutan ng dihalakhak... Pagkuwa'y

Humalakhak siya. Mapangutyang halakhak... Pagkuwa'y

—Sukat na! Ikaw, na isa lamang dukha! Ha! ha!...

Gayon ma'y...

—Dukha nga ako, ang aking amin, —datapwa't mayaman naman ang aking pag-ibig.. dakila ang aking pagmamahal!



Nagpasasa silang tumangga ng matamis na pulot ng aliw at ligaya, sa gintong saro ng pagibig!

Muli siyang napahalakhak. At muling tumugons

—At inaakala mo bang mabubuhay na ako sa iyong pag-ibig at pagmamahal?

—Maari ngang hindi—sambot ko,—subalit ang kalakhan ng aking pag-ibig at pagmamahal ang siyang mag-aatas sa akin upang tuklasin ang lalong maluwalhatang kapalaran na magiging karapatdapad sa iyong kariktan. Alang-alang sa iyo ay magpapakasakit akong dalhin ka sa ikapitong langit

man ng kaligayahan!...

—Sukat na!—ang muli niyang hadlang sa isang hawig na lalong mapanglibak.—Ang dukha ay dukha! Dumiyang ka sa iyong karalitaan. Ang kailangan ko'y ang aking kasing-uri: mayaman, marunong, marangal...

Ilang paglubog at pagsikat ng araw ang matuling lumpipas....

Sa wakas....

Natagpuan din niya ang kanyang hinahanap.

Nag-ibigan sila.

Nagmahalan...

Katulad ng pagsusuyuan ng buwan at ng ulap, ng dagat at ng araw, ng hangin at ng kaparangan....

At....

Sila'y tumakas!

Lumulan sila sa malabay na pakpak ng luwalhati. Napaimbulog sa dako pa roon, doon sa himpapawid ng mga salamisim at pangarap... doon sa dulo ng daigdig!

Nagpasasa silang tumungga ng matamis na pulot ng aliw at ligaya sa gintong saro ng pag-ibig. Sa sutlang kandungan ng tuwa at galak, ay inawit ng kanilang mga puso ang matimyas na kundiman ng pagmamahal....

Samantala....

Ako... ako'y naiwan sa dating pugad ng karalitaan. Natira ako sa sinapupunan ng dilang kahirapan na siyang naghele sa aking nagdaang kamusmusan.

Doon... doon ko tinanaw ng may luha sa mata at may sugat sa puso, ang pinagpalang daigdig na kanilang pinatunguhan. At doon ko rin pinangarap—ng isang walang kasing baliw na pangangarap—ang kanyang pagbabalik Pagbabalik? Magbalik pa kaya siya?

IV

Siya ay isang bulaklak. Bulaklak na lanta, walang dikit, kupas ang bango... Ako ay isang paruparo.... Paruparong dukha, salat sa kisig, walang ningning sa mga pakpak....

Sa Ulilang Hardin....

Nagbalik siya!

Wala na ang dating halimuyak....

Ayaw nang makipag-igitan sa gintong silahis ng bukang-liwayway.... Hindi na nakikipaglambingan sa kutitap na dapit-hapon.... Tumatanggi nang makipaghalikan sa perlas na hamog ng hatinggabi....

Nagmaliw na ang kanyang maligaya at maluwalhating kabanguhan. Kumupas na ang mapangarap at masalamisim niyang kulay. Pati ganda niya'y nangliliit na sa harap ng maririlag na bituin at ang kanyang kahinhinan ay nahihiya nang makipantay sa iwing karilagan ng mayuyuming lagaslas....

Subalit....

Iniibig ko pa rin siya!

Nagsasa-bukangliwayway pa rin akong hinahanap ang kanyang matitimyas na figiti.... Nagsasa-dapit-hapon pa rin akong nilulungati ang kanyang mga paglalambing.... Nagkasahamog pa rin akong tinatanuran siya sa mapapanglaw na hatinggabi ng aking pagluha....

Dapat Mabatid

Ni VIRGILIO M. TOLENTINO

Ang babae ay kasing hiwaga ng isang krimen sa isipan ng mga dalubhasang tiktik.

*Kung nais mong mapaamo at mada-
krip ang pinakamailap na kriminal ka-
sangkapanin mo ang isang babae. Kung
ibig mo namang makalikha ka ng lalong
pinakamapanganib na kriminal nariri-
yan ang babae!*

*Ang babaeng salawahan na malimit
magtagp sa miwanaan niyang katipan
ay katulad ng kriminal na laging nag-
kukubli sa paningin ng may kapangua-
rihan.*

*Anang isang katoto ko namang manu-
ulat: Wala ng kayamot-yamot na ba-
gay sa isang lalake kundi ang Babae!*

DULA NG 3 PUSO.....

(Kar. ng Pah. 15)

iukol sa kanya, ay waring matutulis na balaraw na walang awang sumusugat sa kanyang dibdib. Bawa't mahihinang bulong niyang maulinigan ay parang paglibak at pagalipusta sa kanyang pagkatao. Kagat ang labi at nagbabatis ang masaganang luha sa kanyang mga mata ay buong kagitingan ng loob na nagpatuloy sa paglakad.

Subalit nang ilang hakbang na lamang ang layo niya sa kinabuburulan ni Delfin ay isang makapangyarihang tinig na halos ay gumimbal sa kanyang pagkatao ang humadlang sa kanyang paglakad.

Sa dako roon sa may ulunan ng kabaong ay isang babaeng luksang-luksa ring kagaya niya ang pinagmulan ng tinig, at parang napukaw sa mahimbing na pagtulog ay tila isang matapang na kawal na humanda sa pagsalakay ng katunggali...

—Babae...! Babae... ang may kahalong ngitngit at pagdaramdam ay naisigaw ni Rita sa di niyang kailan man hinihintay na panauhin... Ano ang nahita mo at nagkaroon ka pa ng lakas-loob na tumapak sa tahanang ito? Babae ng talipandas... Magnanakaw ng kaligayahan!... At pinagdiinan pa ang huling sinabi.

Si Nora, tulad sa makasalanang humarap sa kanyang hukom, ay napatungo na lamang at kasabay ng buntong hininga ay nagpahang tumakas ang luha sa kanyang mga mata.

—Ano't nagkaroon ka pa ng tibay ng loob na humarap sa akin? Walang hiya... Sulong lumayas ka sa tahanang

ito... Sulong....

At ang pinagtatabuyan, sa halip na umalis ay dahan-dahang lumuhod sa harap ni Rita.

—Patawarin mo ako!—ang nanganapos ang hiningang, wika ni Nora. Patawarin mo ako Rita, ngayon ko nakilala ang aking pagkakamali...!

Si Rita, sa halip na mahabag, sa halip na magpatawad sa maamong korderong yaon na kumikilala na ng pagkakasala, ay tikis pang nagpakatigastigas at di man lamang natigatig sa mga panawagang yaon. Lalo siyang nagpakatibay sa kanyang sinabi.

—Diyata't ngayon mo lamang nakilala ang iyong pagkakamali? Ngayong durog na ang aking puso? Samantalang nang mga lumipas na panahon ay hinalakhakan mo lamang ako na kasalukuyang lumuluha noon—at saka dinugtungan ni Rita ng mahabang halakhak ng paguyan na tila baliw na tumatagaktak ang masaganang luha.

—Nora... Nora!, patawarin ka nawa ng iyong sarili. Ngunit ang aking sinabi ay batas na di masusuway... Lumayas ka sa harap ko, bago ang poot ko'y lumala.

—Rita...!

—Ano pa ang iyong kailangan?—ang maagap na hadlang ng tinukoy.

—Para mo ng awa, Rita, bigyan mo pa kami ng ilang sandaling manatili sa tahanang ito. Bayaan mong ako at ang aking dalawang bunso ay minsan pang mamalas ang bangkay ni Delfin. Isang sulyap lamang... Isang tingin... isang halik at kami'y tuluyan ng ialayo... Lalayo upang di ka na muli pang bagabagin. Nilooob ng langit ang ganito kong kapalaran. Rita, kaming mag-aanak ay lalayo yamang ikaw ay aayaw ng magpatawad.

—Rita, isang sulyap lamang... isang tingin... isang halik... at kami sa iyo'y paalam.

—Nora, sinabi kong lumayas ka—ani Rita sa lalo pang matigas na pangungusap—ang tamis ng isang higanti ay ngayon lamang nabigyan ng katuparan.

Ano man ang pagsusumamong gawin ni Nora ay nauwi na lamang sa pagkabigo. Lumisan silang magiina na waksak ang dibdib at tulad sa kaluluwang nilubugan ng pagasa ay nananaghoy ang puso... Nagbabatis ang luha sa dalawang mata ay akay pa rin ang dalawang bunsong walang kamalay-malay sa mga pangyayari.

—Mga anak ko!... ang lumuluhang wika ni Nora—Anong pait ng kapalaran nating magiina. Oh! Dios ko!... Mga anak ko....

WAKAS

KRIMINAL NA.....

(Karugtong ng Pahina 10)

pagdating at pagalis ng ano mang liham sa koreo.

Ang ina ni William Gormley, ay binawian ng buhay na di man lamang sinipot ng salaring anak. Sa ano mang kaparaanang isinagawa ng maykapangyarihan ay pawang pagkabigo rin ang narating.

Dalawang taon ang lumipas! Ang pinaghahanap na si Gormley ay di pa rin matagpuan!

Ang dating maaligasngas na balita nang walang pakundangang pagpatay sa káhabag-habag na si Elenore Quinn, ay bigyang naparam sa isipan ng madla. Kahit na ang mga pangaraw-araw na pahayagan ay wala na ring táglay na balitang ito.

Sa kabila ng maraming pagkabigo ng may kapangyarihan na matutup si Gormley, ay di pa rin sila tinakasan ng sigla, lalo na ang puno ng polisya Mc. Feely ng New Jersey.

Ang malabong bakas ng daliri ni Gormley na pinaliwanag ng Sarhento Sullivan, ay inihawig sa talaan ng mga masasamang loob nang tinalikdang dalawang taon.

At dumatal din ang wakas sa pagtutop sa salarin!

Noong Abril 10, 1930, isang "checker" sa kawanihan ng Pagkikilanlan sa Washington, D. C. ang tiyakang naihawig ang bakas ng daliri ni Gormley sa isang bilango sa piitan ng Michigan, may bilang na 21967 at nangangalang Thomas Donnelly.

Kumilos noon din si Mc. Feely na kasama ang polisya Walter Fullon.

Sa piitan ng Michigan ay napagalaman na nabilango ang nangangalang Thomas Donnelly, sa kasalanang tangkang pamamaslang ng isang guro sa Detroit, noong taong 1928.

Hinarap ni Mc. Feely at Fullon si Donnelly at ito'y tinanong:

—Ano ang iyong tunay na pangalan?

—Thomas Donnelly—ang mahinahong tugon nito.

(Nasa Pahina 21 ang karugtong)

NGAYONG PASKO!

Bumili na kayo ng mga sumbali-long Buntal-Baliwag.

Para sa mga Babae at Lalake.
Halaga: Mula sa ₱3.00 hanggang ₱20.00


Sumulat o makipagkita kay:
Bb. ROSARIO ROMULO
Rizal Stret., Baliwag,
Bulakan

Bb. RADIO NG 1937?



Ayon sa higing ng balita sa mga lipunan, ay muling mahahalal na Bb. Radio sa taong papasok ang mayuming dilag na si Milagros Mat. Castro. Tunay nga kaya?

75 TAON GULANG



TEODORO R. YANGCO

Malualhatang sumapit na sa 75 taon gulang si G. Teodoro R. Yangco, kilalang pilantropo at mangangalakal sa Pilipinas. Ipinagtapat niya na kailangan ang ganap na pagtutulungan at pagkakaisa ng mga Pilipino upang umunlad ang ating industria at kalakal.

wá, sa "nasirang" Sampagita, Alitapat at iba pang mga rebistang nagkaroon din ng matagal na pakikipamuhay sa daigdig ng ating Panitikan. Marami sa mga datihang manunulat doon ang gayo'y hindi na natin makita sa ibang rebista o pahayagan ang kailang mga pangalan. Bakit kaya?

Sa Ating Panitikan

ni CELSO F. VILLA

Kaikailan man dumami ang mga kapisanan natin sa sariling wika ay hindi katulad ngayon. Pasaan-saan ay bago at bago ang itinatag. Kung sa bagay, ang ganyan ay hindi masama. Hindi malayong ang Tagalog ay siyang maging wikang Pangbansa natin, kaya nararapat ngang pasiglahin lalo sa panahong ito. Nguni't ako'y nag-aalalang ang mga kapisanang iya'y mapatulad din sa ibang mga nauna, na nagsisimula sa "wika" at sa "wika" rin natatapos (o nagpapatuloy pa) Hindi kaya?

Kung minsan ay naakay na rin akong maniwala sa sinabi ni Arsenio R. Afan na ang ating mga kuentista ngayon ay pagaya-gaya na lamang sa mga paksang ginagamit nila. Katunayan, nang sa isang lingguhan natin ay lumabas ang isang kuentong nauukol sa buhay ng mga moro at iyo'y purihin ng marami, ay ilang sunod na kuentong may gayon ding uri ang dumagsa sa nabanggit na lingguhan.

Si matandang Balmaseda ang nagsasalita:

"Hanggang sa kasalukuyan ay hindi ko pa masabing tayo'y mayroon nang sarili nating Panitikan sa wikang Tagalog. Ang alinmang Panitikan ay nabubuu sa maraming sangay, nguni't ang lahat halos ng ating manunulat ay nabubuyo lamang sa isa nito at ito'y ang pagsulat ng kuento. Maaari bang mabuu ang isang Panitikan sa panay na kuento lamang? Ang ibig kong sabihin'y dumako naman tayo sa ibang bagay, halimbawa'y ang nauukol sa mga kasaysayan, alamat, dula at iba't iba pa na hanggang ngayo'y pinagwawalang-bahala ng ating mga manunulat, maliban na nga ang mangilang-ngilang nagtitiyaga sa pagbuhay ng ganyang uri ng mga lathala."

Isang bagay na nakapagtataka sa ating Panitikan:

Sa tuwing mayroong sisilang na bagong pahayagan o rebista ay mayroong mga bagong manunulat na sumisilang, nguni't pagkamatay ng pahayagan o rebistang iyan ay kasama ring "namamatay" ang mga bagong manunulat na yaon. At hindi lamang sa mga bagong manunulat mapapansin ang ganyan. May mga datihang inaabot din ng ganyang "kapahamakan". Gaya, halimba-

MGA SALAMISIM NG PUSO

Tagapamahala: CARLOS Y. ROCA

Kap. "PANITIK-TAGALOG"

Tula ni B. PAGDANGANAN

Sa dibdib ng isang lupang pinagyaman
ay mayrong natayong magandang tahanan;
nang mayari ito sa dakilang pakay
"PANITIK-TAGALOG" ang ipinangakan.

Ang may-ari niya'y mga puso diwang
pagisa sa hangad at layong dakila;
walang laging nais kundi ibandila
ang wikang sinuso't Tagalog na wika.

At pagsisikapan na maibantayog
kahit na magtiis ng mga pagayop;
makarating lamang sa mabihing Tugatog....

"PANITIK-TAGALOG": Huwag kang magtigil
sa lunggatiin mong gintong lunggatiin,
pagka't ang tumubos sa baya'y tungkulin.
Siyudad ng Bagyo.

DAING NG PUSO

Tula ni JOSE F. ESTRELLA

Sa piling ng isang babae ng dakila
Na sa aking puso'y may gintong daambana,
Nais kong moghele sa kanyang sanghaya
Nguni't gumigiit ang patak ng luha

Ibig kong magsaya sa piling ng giliw
Kalbitin ang puso't magtatak sa lambing,
Anong magagawa'y tuwing tutuytugin
Garalgal ang tinig, ayaw tumaginting!

Lumuha sa oras na dapat matuwa?
Ito na ang lalong mapait na ditang
Inaaring "nektar" ng gaya kong dukha!
Derating pa kaya sa akin ang araw,
Na ang aawiti'y masayang kundiman
At hindi ang luha panglason sa buhay?
Lipa, Batangas

IKAW LAMANG

Tula ni VIRGILIO M. TOLENTINO

Sa ubod ng puso'y may tangi kang altar,
Ang aking pagsintang siyang tumatanglaw;
Ang dibdib kong tapat kapag nalulumbay,
Ipinang-aaliw larawan mo, Mahal,

Huwag mag-alalang ang aking pagsinta,
Maglalahong waring magdarayang ganda
Sa altar na yaona nalalaman mo ba,
Ikaw't saka ako, doon mag-isa?...

Sa laot ng galak, sa gitna ng tuwa,
Ikaw'y naalala ng puso ko, mutya;
At ikaw ang ilaw ng aking gunita;

Ikaw lamang, hirang, ang mamahalin,
Magiging bulaklak ng aking panimdim,
Kahi't akong ito'y mahangga sa libing!
Tondo, Maynila

INANG WIKA

Tula ni EMILIO GUDADO

Ang mlaon mo nang binabatang hapis
malapit na magin damit na mabihis;
Oh, kung magka-gayon, kami'y magtatalik
sa lugod at tuwang walang kahulilip!

Papamo, kung ikaw'y mahango sa luha
malalasp namin ang pagka-malayo;
kami ay hindi na mauupasala
na oo't may baya'y wala namang wika!

Sapagka't wala nang lugod na malasin,
kundi ang lumayang katulad ng hangin
at saka ang wika'y aawit-awitin!

Oh, Diyos... manong mapupad na sana,

ang "batas" sa wikang alipin tuwi na,
nang ang Ina, nami'y magtamong ligaya
Binyang-Laguna.

LIBINGAN

Tula ni CRISPIN T. ALFONSO

Isang munting ilaw sa gitna ng dilim,
at bahaw na tinig ng ulilang daing;
may luha ang lahat sa hagkis ng tingin,
iyan na ang isang tahimik na libing.

Amoy ng kandila duo'y malalanghap,
na nagaanyaya sa luha ng masaklap;
may mga koronang yari sa bulaklak,
at tanda o tulos ng kuros na patpat.
Tatawag ng pansin ang maraming titik,
na, duon nalagak ang bangkay sa hapis;
ng pusong ulila na tatangis-tangis.

Iyan ang libingan, di ka mawawala,
makikita kahit sa mga gunita
na puno ng lagim sa bawat nilikha.

Kap. "WIKANG BALAGTAS"

Tula ni CECILIO T. ALFONSO

Sa tawag ng isang simula't hangad
layulayong puso'y nagkaisang ganap;
at nang mabigkis na sa pagsintang wagas
ang naging taguri'y "WIKANG BALAGTAS".

Sa harap ng baya'y ang ibandila
ay pagpapayaman ng sariling wika
kahit na libakin ng makating dila
ipagpapatuloy ang dakilang nasa

Papanatahin na sa puso at loob
ang bundok ng layo'y maakyat na bundok,
nang ang Inang Wika'y makalag sa hingkot...

"WIKANG BALAGTAS": Huwag kang maglubay
sa iyong hangaring dakila at banal,
sapagka't sa likod ng dusa'y tugumpay....
Binyang, Laguna.

Anak ng Reporter..

(Kar. ng Pah. 14)

"Extra" ngunit ibang balita. Sabihin ninyo na nahuli na ang pumatay sa tsuper ni don Boyong at ang umagaw sa kanyang anak.

—Ano po, nahuli na ang kriminal?

—Opo, ang humuli ay isang anak lamang ng reporter.

—At kayo ang ibig ninyong sabihin. Oh, sadyang kahañgahaña ang inyong katañgian.

—Nguni't hintay kayo, ginoong patnugot. Mayroon pong isang ginoo na nais makipag-usap sa inyo.

—Heloo.....

—Heloo.....

—Si don Braulio na po itong inyong kausap ngayon.

—Ano po ba ang aming maipaglingkod.

—Palabasin lamang ninyo sa susunod ninyong bilang ang balita sa pagiisang dibdib ng aking anak na si Rosita at ng anak ng reporter na si Isagani.

—Maaasahan po ninyo at ngayon pa ay bumabati na ako at ang aming pasulatan.

Samantala'y sa loob naman ng "run-about" na patungong pasulatan ng "Balaraw" ay buong lambing na nag-uusap ang dalawang pusong matagal na kapuwang nagtititiis ng di maulatang kahirapan sanhi sa tinitimping pag-ibig na ngayon lamang ganap na nagkaroon ng laya.

—Ang isip ko'y pati na ako'y iyong patataasin ang kamay noong abutan ninyo kami, ah! Ilan bang sigarilyo ang laman ng iyong rebolber. Talagang haña ako sa bilis mo—at humilig pa ang dalaga sa dibdib ng binatang nagpapalakad ng sasakyan.

—Lalo naman akong haña sa ganda mo. Makakagat kita tuloy kahi't tayo'y nasa lansañgan, ah!

Pilyo, talagang gayang kayong mga manunulat.

—Oo, nga, mga romantiko—at hindi na napigilan ang isang mabilis na halik na idinampi ng binata sa namumulang pisñgi ng dalaga na ikinapañgiti lamang nito.

—Talagang pilyo ka, ginagawa mo ang iyong kabilisan pati sa akin—At isang mahinang kurot naman sa hita ang isinukli na sa pagkakiliti ng binata ay kaunti na tuloy silang nabangga sa mataas na poste ng meralko.

—Rosita, nakul muntik na tayong mamatay.

—Walang kailañgan sa akin, giliw, ang kamatayan kung nasa iyong kandungan.

At muling naglapat ang dalawang labi ng magsing-giliw na kapwa uhaw sa saro ng dakilang pagbibig.

(SA INGIT....)
(Kar. ng Pah. 10)

Sa pagsisiyasat ng mga may kapangyarihan ay nabatid na ang tunay na pinagmulan nito ay buhat sa kanilang nililigawang babai at ito ay si Dolores Oliveros na napagalaman naman sa huli na mayasawa nguni't malaon ng hiwalay.

Dahilan diyan, sapagka't si Dolores ay isang babáing bágaman at may pananagutan na sa Dios, ay hindi pa rin mabilang ang nangangayupapa sa kanyang alindog. Isa siyang hindi naman masasabing pangit ni hindi naman masasabing may gandang pangimpalak, subali't kung siya ay may balani ay siyang hindi maunawaan ng maraming anak ni Adan; sukat ang makilala siya ng isang lalaki at walang pagsalang siya ay hahangaan.

Sa mga naghandog ng pag-ibig ay kabilang nga sina Manuel Sumagi at Mateo Cuadra. Ang kanilang pagluhog ay tila halamang habang lumalaon ay



lalo namang yumayabong. Nguni't ang isang babai ay kailangang kung iibig man ay dapat pumisil lamang ng isa, sapagka't sa sandaling pangakuan niya ang dalawa, and lañgit niya ay magiging madilim. Kung may pagtatanging napipisil si Dolores sa dalawang masigasi g na mangingibig sa kanya ay siyang hindi pa nababatid ng marami, bagaman at marami naman ang nakahalata na may higit na pagtingin kay Mateo ang babaing kanilang pinipintuho, sa gayon, hindi sukat ikamangha na ang isang natatalo sa paligsahan ay magsimpan ng inggit o kaya ay kapootan ang kanyang kalabang dumaig sa kanyang kakayahan.

Si Dolores ay idinaan sa mahigpit na pagsisiyasat ng mga may kapangyarihan sa pagasang may malaki siyang maitutulong sa paglutas sa usaping ito. Nais ng mga alagad ng batas ay kalutasan at kung malulutas man ay sa isang paraang maliwanag na siyang maghahatid sa kaparusahan ng dapat na panagutin sa pagkakasala.

—Sila pong dalawa ay kabilang sa mga kinumbida ko upang maghakat ng palay ng aking kamaganak na si konsehal Asuncion, — ang pagtatapat ng babai sa may kapangyarihan. Ang paanyayang iyon ay nangyari may ilang araw lamang buhat ng sila ay magkagalit, nguni't wala akong nababatid na may mangyayari sa kanilang dalawa. Inaamin niyang ang dalawang lala-

king nabanggit na siyang gumagalaw sa kasaysayang ito ay nangliligaw sa kanya, subali't wala siyang itinatangi kahit isa sapagka't hindi mangyayaring itulot ng kanyang kalagayan dahilan sa siya ay isang taong may asawa. Kung siya ang tunay na pinagbuhatan ng patayan ng dalawa ay hindi niya maipaliwanag sapagka't wala nga siyang kabatiran sa pagpapanagpong ito.

Sa mga salaysay na tinamo ng mga may kapangyarihan buhat sa mga taong nakasaksi, bukod pa ang mga kati-bayang kanilang nakuha, ang kaukulang pagsasakdal laban sa kanilang pinararatangang si Manuel Sumagi ay kanilang iniharap sa hukumang pamayapa sa Silang. Nagutos agad ng mada-liang pagdakip sa kay Manuel.

Sa pangatawanang paguusig na sinagawa ng mga polisya, lalong lalo na ang pangkat ng mga konstableng pinamumunuan ng teniente Jose P. Rueda. Hindi naglao at sa pook na kanyang pinagtataguan, alinsunod sa himatong ng mga nakababatid sa kanyang kagagawan ay natuklasan din siya. Nadakip siyang kasama ng kanyang amang si Victor Sumagi, saka isang kapatid niyang si Marcelino Sumagui.

Ang pagkakahuli sa kanya ay nagaganap noong ika 1:30 ng hapon noong ika 5 ng kasalukuyan, bagaman at ang mga konstable ay handang handa sa gagawin nilang pananalakay kung sakaling manglaban ang binatang ito. Nadakip siya ng mahusayan na hindi katulad ng balitang siya ay manglalaban sa may kapangyarihan.

Ang kriminal na ito ay dinala sa himpilan ng konstabularia sa Imus; saka inilipat sa piitang munisipal sa Silang, pagkatapos na maisagawa nila ang kaukulang pagsisiyasat.

Sa harap ng sarhento Arsenio E. Castillo si Manuel Sumagi ay nagsalaysay ng isang sinumpaang pahayag. Sa pahayag na ito ay inamin niyang siya nga and tunay na pumatay kay Mateo, gayon man ay ipinahayag niyang isang pagtatanggol lamang sa kanyang sarili ang kanyang ginawa. Ang kanyang sinumpaang apidabit ay gaya ng sumusunod:

"Ako nga po ang pumatay kay Mateo Cuadra. Nangyari po ang aking pagkapatay na ito sapagka't nais ko lamang ipagtanggol ang aking sarili. Ako'y hinarang ni Mateo at sa katunayan ay hinagis pa ako ng isang putol na kahoy na sapagka't hindi tumama sa akin na mapatotohan naman ni Pilar, isa sa kasama kong dalaga na kamuntik nang siya ang tamaan. Sa pangyayaring ito ay sinabi sa aming magkakasama ni Mateo na gayari: "Sino ang nagbabarako sa inyo?" Sabay ng salitang ito ay naghamon na at nakita kong binunot niya ang isang patalim na kumikis-

(Nasa Pah. 8 ang Kar.)

Mga Hibik ng Panitik

Pitak ni

Mariano S. Evangelista

LANTANG BULAKLAK

Si Danilo....

At si Dolores...

Dalawang pusong magkaisa ang tibukin.

Dalawang kaluluwang katulad ng paroparo at bulaklak sa masamang halamanan ng pag-ibig.

Magkasintahan sila...! Nagsusuyuan at nagmamahalan!

Batid ng boong nayon na sila'y magsinggilw!

Kahalihalina ang kanilang pagtinginan!

Sa pagtatanim ng palay, sa kabukiran ay lagi silang magkasama. Gayon din sa pamimitas ng mga sariwang bungang kahoy na ipagbibili sa kabayanan. At, kung Linggo ay magkasama ring nananampalataya sa lumang simbahan ng kanilang bayan.

Nguni't...

Isang hapon, isang makisig na binatang mamamaril ang nakarating sa nayong yaon. Nakiinom pa kina Dolores. At... bago lumisan ay nagkadamang palad sila.

Mula noon....

Malimit nang dumalaw ang makisig na binata sa tahanan ng dalaga. At... hindi nagluwat ay nagkaunawaan ang kanilang mga puso.

Kaya nga...

Isang hapon, binawi ni Dolores ang kanyang sumpa ng pag-ibig kay Danilo. Hindi na naalala ang kadalisayan ng pagmamahal ng binata. Hindi na nagunita ang matamis na sandali ng kanilang buhay. Hindi na isinadivang ang kanyang gagawin ay isang pagtataksil na iluluha ni Danilo. Nagayuma ang mahina niyang puso ng matatamis na pangungusap ng binatang mamamaril.

At... nang gabi ring yaon, muling sumumpa sa bagong irog. Ipinagkatiwala ang lahat sa buhay sa bagong kasintahan. Mga halik, at pati ng kanyang puri...! Tiwalang tiwala siya sa bagong kasuyo.

Nguni't...

Hindi naglaon, at nilisan siya ng makisig na binata. Nilimot siya matapos masimsim ang kanyang nektar. Nilisan siyang nagiisang lumuluha, matapos malanta ang sariwa niyang mga talulot.

Lumuha si Dolores...!

Naghinagpis at nagsisi...!

Nguni't ano man ang kanyang gawin, ay wala nang mangyayari. Tumangis man siya nang tumangis, kitlin man niya ang buhay ng nagtaksil na kasuyo, magpakamatay man siya ay

wala nang masasapit, sapagka't kailan man ay hindi na mapaparam ang batik ng kanyang puri...! Ang lamat ng hiyas ng kanyang buhay...!

Kaya nga....

Oh! mga diwata ng bayan kong mahal

Na napabantog na sa sangdaigdigan, Ay huwag limutin yaong katungkulan

Na maging matapat sa isang sumpaan!

Huwag mong itulad ang iyong pagliyang

Sa bango ng isang sariwang gulaklak,

Na kapag sa tangkay ito ay napitas Biglang kumukupas, ganda't halimuyak!

Kapag sa binata, kayo ay sumumpa Ay taglayin ito sa balat ng lupa,

Maging ang kasi mo'y mayaman o dukha

Ay aliwin siya sa ligaya't tuwa!

Nguni't ang puri mo ay pakainangan

Huwag pabayaang na kanilang dumuhan,

Sapagka't ang puri'y isang kayamanan

Na, nang ginto't pilak di mapapantayan!

(KRIMINAL NA....)

(Kar. ng Pah. 18)

Sihungaling! Ikaw ay si William Gormley, na siyang pumatay kay Eleonore Quinn sa Hoboken noong 1925.

—Nagkakamali kayo—ang agap nito na wari'y di nababahala—hindi pa ako nakapapatay ng babae. Hindi hindi pa ako nakapanggagaling sa Hoboken.

—Maaari kang hindi magtapat, subali't hindi ka makapagkakaila sa bakas ng iyong daliri. Ikaw ay si William Gormley!

Noon naman ay hinudyatan ni Mc. Feely ang kasamang pulis na si Fullon na dati ay kaibigan ni Gormley. Ito naman ay lumapit sa bilango at nagwika:

Hoy, Gormley! Ano ang buhay natin ngayon?

Sa paraang ito nang dalawang alagad ng batas ay nahulog sa kanilang kamay ang nagsisinhungaling na kriminal, at ito'y biglang tumugon:

—Aba! si Fullon. Ano ba? Bigyan mo nga ako ng Sigarilyo....

Diyan nagwakas ang kapalaran ni William Gormley, ang walang habag na lalaking pumatay sa magandang mutyang si Elenore Quinn, na nagtagal din nang may limang taong singkad bago natututop ng may kapangyarihan, na sa piitan din ng Michigan natagpuan.

Sa paglilitis na ginanap sa mataas na hukuman sa ciudad ng Jersey noong Septiembre 1930, ay kinapansinan ng malabis na kalungkutan si Gormley,

Mga Kislap ng Sandata

NI CARLOS Y. ROCA



ANG BALISONG

Ang sandatang Balisong, ay katulad din ng ibang patalim na nakamamatay. Ang kaibhan lamang nito sa tinatawag nating Kortapluma ay iba ang hugis at ayos. Maging sa ganda ay talagang mahirap patanyan nang ibang sandatang karaniwang nabibili at nakikita. Papaano, iyan ay sinadya ng mga kamay ng lalaki sa Lalawigan ng Batangas. Pinagtiyagaang yariin upang mapa-iba naman. At ang pagkakaroon niyan sa ating bayan ay dapat ding ipagmalaki sapagka't katutubong yari ng ating lahi.

Sa kasalukuyan, ay dalawang pu sa isang daang lalaki sa Katagalugan ang walang Balisong. Maging sa tahanan o lansangan ay iyan ang malimit mamamalas na hawak-hawak ng mga binata. Sa lukbutan ng mga tinataguriang "barko" sa Batangas ay iyan ang palamuti at ag wala niyan sa kanila ay tinatawag na duwag.

At maging sa mga pahayagan, ang patalim ding nasabi ang madalas matunghayan nakapatay kay gayon at ganitong tao. Anopa't sa tiyakang pagtuturing, ang Balisong ang malimit maging "victima" sa mga patayan sa Kapulaang Pilipinas.

Dahil sa mga masasaklay na pangyayaring likha ng Balisong, ang mga alagad ng batas ay gumawa ng pangatawagang hakbang sa pagbabawal, na ang mga lalaking mayroon nito ay parurusahan o ibibilango. Isang mainam na halimbawa ng pamahalaan sa mga taong mapupusok!

na di man lamang ipinagtanggol ang sarili at ayaw sumagot sa mga tanong ng hukom.

Iginawad ng Hukon Eugene Kinkead ang hatol sa kriminal na si William Gormley, alias Harry at Thomas Donnelly, sa kasalananang pagpatay.

Si Gormley, ang KRIMINAL NA MAGNANAKAW NG PURI, ay nagdusa ng habang buhay na pagkabilango sa piitan ng Trenton, Pennsylvania.

Mga Pansin Sa



NI GUZMAN

—oOo—

Minsan, sa loob ng "Asia Cafe & Restaurant", samantalang umiinom ng kape si G. Jose Hernandez Gavira, kilalang manunulat sa wika ni Cervantes, ay lumapit sa kaniya ang isang maputi at matabang kastila na nakaterno ng seda. Pagdating na pagdating nito ay humingi kapagdaka ng masarap na pagkain, pagkatapos ay isang "koronang" tabako.

—Sr. Gavira, malakas ngayon ang aking negosio sa mina!—wika ng kastila.

—Aba, di mucho ngayon tayo—ang tugon naman ng tinukoy na sa wari'y nais makaligtas sa pagbabayaran.

—Hindi naman gaano. Ikaw nga ang magbayad nitong tabako ko at pagkain—at pagkawika nito ay sabay tindig at umalis ang matabang kastila.

Napailing na lamang si Gavira at tuloy nasabi:

—Lintik na talaga ang buhay!

—oOo—

Kamakailan lamang ay tulad din sa pangyayaring ito ang nasaksihan naman sa isang pansiteria sa panulukan ng daang Azcarraga at Ilaya.

Isang matandang pulubi na nakaterno ng "khaki" ang dumating sa Maynila upang mamili buhat sa lalawigan. Nasalubong at nilapitan siya agad ng isang palikerong lalake na di naman niya nakikilala.

—Inkong, alas doce na po, marahil ay gutom na kayo. Halina sa pansiteria upang kumain.—Sa anyayang yaon ay labis na nasiyahan ang matanda.

Humingi ng maraming uri ng pagkaing masarap ang lalake. Hindi pa man pagkakalahoti ang lamar ng paggan na kinakanan ng matanda, ay tumindig ang lalake at nagsabing siya'y bibili lamang ng sigarilyo sa kalapit-tindahan.

Subali't ito'y hindi sumipot sa loob ng dalawang oras na paghihintay ng kahabag-habag na pulubi.

Sa harap ng nanggagalit na intsik ay napilitan ang matandang pulubi na ipagkaloob na lahat ang kusing niya sa bulsa na napagpalimusan lamang. Malungkot syang bumalik sa lalawigan na walang napamili. Kawawang pulubi! Mabuti na lamang at kumuha siya ng bueltahang tiket, at kung hindi ay di na siya marahil nakabalik pa sa kaniyang pinanggalingan.

Di pangkaraniwan at mabuting paraan ito ngayon ng mga manlilinlang!

—oOo—

Umulan at umaraw, ay may napapan-sing magagarang auto na taglay ang mabababang bilang, na nakahimpil sa lingid na pook sa mga "Club" sa San Juan, Rizal. Dito nagkakabagwis at nagliliparan ang salapi ng ating mayayamang ginoo. Kabilang na rito ang ating mga Kgg. na Kinatawan sa Kapulungang Pangbansa.

—oOo—

May kagila-gilalas na balitang taglay si Dr. Catalino Boncan, sa huling pagbabalik niya sa Pilipinas, buhat sa masayang paglilwaliw sa ibang bansa.

—Sa Europa, G. Guzman,—ang wika niya—ay totoong matumal ang 'negosio' sa pagpapalaganap ng mga pahayagang pang-arawaraw, sapagka't doon ay nakaugalian ng mga tao ang magbasa ng mga pahayagang walang bayad sa mga restaurant.

—oOo—

Sa wari ay hindi na ngayon nagkakaisa ang mga kawani sa "Corte Munisipal" sa Maynila. Pinatutunayan ito ng sumusunod na pangyayari kamakailan, nang ang isang ginoo ay may ilapit na kahilingan.

Lumapit ang nasabing ginoo sa tanggapan ng punong manunulat na tumanggi na hindi sa kaniya di umano nauukol ang kahilingang iyon. Halos ay nagpalipat-lipat sa iba't ibang kawaning nilapitan ang ginoo ay hindi rin napagbigyan.

Sa apat na oras niyang pamamalagi ay inabot niya ang matinding pagkahilo, dahil sa ang sinasabi sa kaniya sa tuwina ng mga kawaning nilalapitan ay ang:

—Hindi dito! Doon iyan....

Hinarap niyang lahat ang mga tanggapang sinabi sa kaniya. DOON at DI-TO ang pawang narinig niya, kaya't sumakit ang ulo ng nasabing ginoo.

—oOo—

yo!!

Pulubi—Demonyo! Ikaw ang ulianin.

SATSATAN

Guro—Tumayo ka Pedro, at sagutin mo ako sa aretmetika.

Kung ang tatay mo ay bumili ng apat na manok, at ang bawa't isa ay nagkakahalaga ng P2.00. Eh! magkanong lahat ang ibabayad ng tatay mo?

Pedro—Hindi ko po alam.

Guro—Diasking bata ito—Walong piso! Walong piso!....

Pedro—Aba, hindi po!

Guro—Bakit?

Pedro—Ang tatay ko po ay barat na barat. Hindi pa maaaring hindi siya tumawad.

Isang babaeng matuling lumalakad ang nakabangga ng isang lalake, na biglang nabuwal at nagputok ang noo. Dumating ang pulis.

—Aling Kuwan, arrestado po kayo! —ang wika ng pulis.

—Bakit po?—ang tugon ng babae.

—Nakabuwal po kayo ng lalake na nasaktan tuloy—ang pulis.

—Kayong mga pulis ay di parepareho kung tumingin. Eh! bakit di po ninyo arrestuhin ang mga lalakeng nagbubuwal sa mga babae?

Nagkakahigpitan ang pagtatanggol ng dalawang abogado sa hukuman. Nang di na yata malabasan ng isang abogadong hoy-hoy, ang "kausa" ay hinarap ang kanyang kliente at nagwika:

—Hoy! bakit mo pinatay si Doro?

—Demonyo! Lintik ka!...ang tugon ng kliente.

Konduktor—Inkong, saan po kayo sumakay?

Pulubi—Sa trak!

Konduktor—Saan po kayo iibis

Pulubi—Sa trak!

Konduktor—Inkong, ulianin po yata ka-

"WALANG BESTIDO"

Minsan isang gabi sa isang kabaret
Marikanong lasing ay galit na galit,
Lumapit ang pulis, tuhod nanginginig
"Estap Yu" O kundi banas sa bilibid.

"Ga dem Hel hu ar yu", ang sagot ng Kano:

Polisya kon chapa no hay lang bastido,
Sombrero'y balanggog kamesa'y de-tseno
At naka bakya pa ang anak ng kuago.

Sa gayong narinig nagalit ang pulis
Batuta'y kinuha at ihahagupit,
Marikano pa ay lalong mabilis
Ang pangang ng pino'y namaga sa "estret".

Dumating ang ibang mga kasamahan,
Nakauniporme't rebolber ay tangan,
Nang makita ito ng Kanong kalaban,
Iginagalang daw niya "BESTIDO LAMANG".

—ANAK DALITA


Matuling Lumalaganap Ngayon !



Ang Dalawang Babasahing "SANDATA" at "INSULAR COURIER". Sumuskribi Kayo at Magtamo ng Malaking Gantingpala...!

Matuling lumalaganap ngayon ang "SANDATA", babasahin ng madugong pangyayari sa Pilipinas, at gayon din ang "INSULAR COURIER", babasahin naman sa wikang inglis at kastila!... Bakit? Dahil sa ang aming maraming suskritor ay naghihintay ngayon sa malaking pagkakataon na makapagtamo ng alin man sa 3, 232 ipamamahaging gantingpala!

Sa panahong ito ay ang dalawang babasahing ito lamang ang tanging may ipinagkakaloob na malaking pabuya sa bayang mangbabasa. Bukod sa mga gantingpalang aming ipamamahagi ay magtataglay din ng ganap na karapatan ang aming suskritor na makamtan ang isang taong walang bayad na paglilingkod ng mga tanyag na manggagamot, dentista at abogado.



Magpahatid ng sulat sa

P. O. Box 1938

Maynila

Tumawag kayo sa:



Tel. 2-86-74

F. M. Gonzales & Co.

Tagapaglathala ng "SANDATA" at "INSULAR COURIER"

205 M. Earnshaw, Sampalok, Maynila.

Ang lalong tanyag na tagapag-*anunsio* ng inyong mga bahay-kalakal at profession ay ang "INSULAR COURIER" (*Babasahing Inglis at Kastila*) o dili kaya'y ang "SANDATA" (*Babasahing Tagalog ng mga magingang pangyayari sa Pilipinas*) na kapwa malaganap ngayon hindi lamang sa Maynila kundi sa lahat halos ng lalawigan.

Lahat ng kapakinabangan ay nasa inyo at walang masasayang na pagkakataon sa pagpapa-*anunsio* ninyo sa alin man sa dalawang *labasahing* ito.

Magbigay alam o tumawag sa amin:

F. M. GONZALES & CO.

Tel. 2-86-74 P. O. Box 1938 Maynila

Let Us Do The

PRINTING

(letterheads
(pamphlets
(Calendars
(magazines
of all your (Tabloids
(Briefs
(Cards
(Programs
(Invitations
(Printed matters etc.

A complete printing service will be rendered to you satisfactorily by the

Insular Protective Press

Call up Tel. 2-86-74

250 San Anton Sampalok, Manila

An Invitation

To Lawyers!

We Print Briefs
In 24 Hours

Proof Reading

Guaranteed




SEND US Your



Bill of Exceptions

Briefs & Memorandum



Lowest Price In

The Philippines

with the



BEST SERVICE

CECILIO PRESS

Tel. 2-28-69

720 Calero, Sta. Cruz

Manila

Accepts all kinds of

Printing Jobs